


Domain 2: Linguistics of the Target Language

Language Structures

POOK NG MGA PANGUNAHING WIKA SA PILIPINAS



*"Ang hindi magmahal sa kanyang salita
Mahigit sa hayop at malansang isda;
Laya ang marapat pagyamaning kusa
Na tulad sa inang tunay na nagpala."*

*"He who does not love his language
Is worse than a beast and putrid fish;
So it has to be nourished
Like a loving mother does."*

**Sa Aking Kabata
'To My Fellow Youngsters'
~ Jose Rizal (1861-1896) ~**

INTERACTIVE TABLE OF CONTENTS

*Click the **page number** to jump directly to that section.*

Note: Hold ctrl + click on page number

PALAU GNAYAN NG MGA WIKANG MALAYO POLINESYA	3
WIKANG FILIPINO	5
A. PALATUNUGAN O PONOLOHIYA	8
B. PALABUUAN O MORPOLOHIYA	12
C. PALAU GNAYAN O SINTAKSIS	15
D. SEMANTIKA	42
MGA PAGSASANAY	52

Palaugnayan ng mga Wikang Malayo Polinesya

Pandarayuhan sa Pilipinas

Ayon sa kasaysayan ng Kapuluang Pilipinas, noong mga unang panahon, nagdaan ang mga Indian sa mga pulo ng Indonesia sa Borneo at nakasapit sa ating pook. Nakarating din sa ating mga pulo ang mga Arabe na may dalang sulat at wikang Sanskrito. Nagsipaglakbay din sa Borneo, Palawan at Panay ang mga Siam (unang kaharian sa Cambodia). Nangagsiparito at nanakop sa mga tao rito ang mga Instik, gaya rin ng pananakop ng mga kaharian ng Madjapahit at Shri-Bisaya. Saka pa nandayuhan dito ang mga Kastila at pagkaraan ng ilang dantaon, sumakop naman sa atin ang mga Amerikano. Naghahanapbuhay na ritong una pa kaysa mga Kastila ang mga Hapones. Sa lahat ng mga lahi at bansang nasabi, nakapulot at nanghiram ng mga salita ang mga wika sa Pilipinas ayon sa karanasang panlipunan, pangkamag-anak, pampamahalaan at pangkabuhayang ating tinularan sa kanila.

Ayon sa tsart na nasa Webster's New International Dictionary (Merriam Company), ganito ang pagkakaugnay (o pagkakahiwa-hiwalay) ng mga wikang Malayo-Polinesya:

I. Malay Subpamilya ng mga Wika

A. Sangang Malayo-Javanese

1. Pangkat Malay (Malay Peninsula, Sumatra, Borneo, Celebes, Nicobras, atb.)
2. Pangkat Javanese (Java, Madura, Sundra, atb.)

B. Sangang Tagala

1. Pangkat Tagala (Pilipinas)
2. Formosan (Formosa)
3. Malagasy (Madagascar)
4. Pangkat Cham-Selung (Cambodia, Malay Peninsula, Mergui Arkipelago)

II. Polynesian Subpamilya ng mga Wika

A. Sangang Sawairori

1. Pangkat Hawaiian
2. Pangkat Tahitian

B. Sangang Hahori

1. Pangkat Maori
2. Pangkat Samoa

III. Melanesian Subpamilya ng mga Wika

- A. Micronesian o Tarapon (Caroline, Gilbertese, Ladrone, Marshall)
- B. Melasenian o Fijian (Banks Islands, Fiji, atb.)
- C. Melano-Papuan (Kiriwina, Misina, Tagala, atb.)

Narito ang mga dyalekto sa loob ng iba't ibang pangunahing wika:

1. Sa Tagalog -Tagalog Bulakan, Tagalog Noboesihano, Tagalog Tayabasin, Tagalog Batangas, Tagalog Marindukihin, atb.
2. Sa Bisayang Sugbuanong - Sugbuanong-Sebu, Sugbuanong Negros, Sugbuanong Bohol, atb.
3. Sa Bisayang Hiligaynon - Ilonggo, Kinaray-a, Akalanon, Pantikanon, Kuyuan, Palawanon, atb.
4. Sa Bikol - Bikol Naga, Bikol Legaspi, Bikol Buhi, Bikol Baao, Bikol Bato, Bikol Katanduan, Bikol Albay, Bikol Sorsogon, Bikol Masbate, atb.
5. Sa Ilokano – Ilokanong Samtoy, Ilokanong Kagayan, Ilokanong Ibanag at maraming mumunting Ilokanong Bulubundukin, sa mga lalawigang bulubunduking gaya ng Baguio.



Mapa ng mga Bansang Timog-Silangan

Wikang Filipino

1. Ano ang Wikang Filipino?

Isinasaad ng Resolusyon Blg. 92-1 (Mayo 13, 1992) ng Komisyon sa Wikang Filipino na ang Wikang Filipino ay *“ang katutubong wika, pasalita at pasulat, sa Metro Manila, ang Pambansang Punong Rehiyon, at sa iba pang sentrong urban sa arkipelago, na ginagamit bilang wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo. Tulad ng alinmang wikang buhay, ang Filipino ay dumaraan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng mga panghihiram sa mga wika ng Pilipinas at, mga di-katutubong wika sa ebolusyon ng iba’t ibang baryedad ng wika para sa iba’t ibang sitwasyong sosyal, sa mga nagsasalita nito mula sa iba’t ibang sanligang sosyal at para sa mga paksa ng talakayan at matalisik na pagpapahayag.”*

2. Bago ito tinawag na Filipino, anu-ano ang mga katawagan o pariralang ginamit sa pagtukoy sa wikang pambansa?

Ang unang pariralang ginamit sa pagtukoy sa wikang pambansa ay *“pambansang wika ng Pilipinas na batay sa **Tagalog**”* sa bisa ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134 na nilagdaan ni Pangulong Manuel L. Quezon noong Disyembre 30, 1937, alinsunod sa rekomendasyon ng unang Lupon ng Surian ng Wikang Pambansa batay sa mga resulta ng mga pag-aaral na itinakda ng Batas Komonwelt Blg. 184, s. 1936. Pagkaraan ng 20 taon ng paggamit at pagtuturo ng wikang pambansa, nilagdaan ni Kalihim Jose E. Romero ng Edukasyon at Kultura ang Memorandum Pangkagawaran Blg. 7 noong Agosto 13, 1959 na nag-aatas sa paggamit ng katawagan **“Filipino”** sa pagtukoy sa wikang pambansa upang maikintal sa wikang pambansa ang di mapapawing katangian ng ating pagkabansa. *“At ang Konstitusyon ng 1937 ay nagtatadhana na dapat magsagawa ng mga hakbang ang Batasang Pambansa tungo sa paglinang at pormal na pagpapatibay ng isang panlahat na wikang pambansa na tatawaging ‘Filipino’. At hangga’t walang ibang itinatadhana ang batas, ang Ingles at Pilipino ang magiging mga wikang opisyal.”*

3. Paano naging wikang opisyal ang Wikang Pambansa?

Sa bisa ng Batas Komonwelt Blg. 570 (Hulyo 7, 1940) ang wikang pambansa ay ipinahayag bilang wikang opisyal simula Hulyo 4, 1946. Ang atas na iyon ay inulit sa Konstitusyon ng 1973 na nagsasaad na *“Hangga’t walang ibang itinatadhana ang batas, ang Ingles at Pilipino ang magiging opisyal na mga wika.”* Ang kasalukuyang Konstitusyon (1987) ay nagtatadhana na *“Para sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga opisyal na wika ng Pilipinas ay **Filipino** at hangga’t walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles.”*

4. Ilang porsyento ng populasyon ng Pilipinas ang nakauunawa, nakababasa, nakapagsasalita at nakasusulat sa wikang Filipino?

Ayon sa sarbey ng Social Weather Station at ng Ateneo de Manila University noong Pebrero 1990, mga 92% ng mga mamamayan ang nakauunawa ng wikang Filipino, 88% ang nakababasa nito, 83% ang nakapagsasalita at 82% ang nakasusulat. Batay sa datos ng National Statistics Office noong 1990, mga 86% ng kabuuang sambahayan (household) ang nakapagsasalita ng Filipino.

[Sanggunian: *‘Mga Tanong At Sagot Tungkol Sa Wikang Filipino’*. Inihanda at ipinalimbag ng Komisyon sa Wikang Filipino: San Miguel, Maynila, 1996].

PAGHAHAMBING NG WIKA NG MGA TAGAPULONG TIMOG

Ihinahambing sa tsart na ito ang pitong salita sa labintatlong wika ng mga Tagapulog-Timog [Austronesians]. Ginagamit sa Pilipinas ang unang labintatlong wika.

	one	three	person	dog	day	new	what
Tagalog	isa	tatlo	Tao	aso	araw	bago	ano
Bikol	saro	tulo	tawo	ayam	aldaw	ba-go	ano
Cebuano	usa	tulo	tawo	iro	adlaw	bag-o	unsa
Waray	usa	tulo	tawo	ayam	adlaw	bag-o	ano
Tausug	hambuuk	tu	tau	iru'	adlaw	ba-gu	unu
Kinaray-a	sara	tatlo	taho	ayam	adlaw	bag-o	ano
Kapampangan	metung	atlu	tau	asu	aldo	bayu	nanu
Ilonggo	isa	tatlo	tawo	ido	adlaw	bag-o	ano
Ilokano	maysa	tallo	tao	aso	aldaw	baro	ania
Ivatan	asa	tatdo	tao	chito	araw	va-yo	ango
Ibanag	tadday	tallu	tolay	kitu	aggaw	bagu	anni
Gaddang	antet	tallo	tolay	atu	aw	bawu	sanenay
T'boli	sotu	tlu	tau	ohu	kdaw	lomi	tedu
Indonesian	satu	tiga	orang	anjing	hari	baru	apa
Hawaiian	'ekahi	'ekolu	kanaka	'ilio	ao	hou	aha

1. *Waray*: Winaray o Leyte-Samaron [Eastern Visayas: Samar, Northern / Eastern Samar; Eastern Leyte & Biliran]
2. *Tausug*: Taw Sug, Sulu, Suluk, Tausog, Moro Joloano [Jolo, Sulu Archipelago; Kalimantan, Indonesia & Sabah, Malaysia]
3. *Kinaray-a*: Kinarayan [Iloilo & Antique; Western Panay]
4. *Ivatan* [Batanes Islands; North of Luzon]
5. *Ibanag* [Cagayan in Northeast Luzon]
6. *Gaddang* [Central Isabela, Bagabag, Solano, & Bayombong, Nueva Vizcaya]
7. *Tboli*: Tiboli, T'boli, "Tagabili" [South Cotabato; Southwestern Mindanao]

A. Iba't Ibang Salin

Filipino: "Ang hindi marunong lumingon sa pinanggalingan ay hindi makararating sa paroroonan." ["He who does not look back at his past, will not reach his destination."]

- 1). *Aklanon*: Ro uwa' gatan-aw sa anang ginhalinan hay indi makaabut sa anang ginapaeangpan.
- 2). *Bikol (Albay)*: Su indi tataw makarumdom nung ginitan, indi makaabot sa adunan.
- 3). *Cebuano*: Kadtong dili molingi sa gigikanan, dili makaabot sa gipadulongan.
- 4). *Ibanag*: I tolai nga ari mallipay ta naggafuananna, ari makadde ta angayanna.
- 5). *Ilokano*: Ti saán a tumaliaw iti naggapuanna, saán a makadánon iti papanánna.
- 6). *Kapampangan*: Ing e byasang malikid king kayang ibatan, e ya makaratang king kayang pupuntan.
- 7). *Obo Manobo*: Iddos minuvu no konnod kotuig nod loingoy to id pomonan din, konna mandad od poko-uma riyon tod undiyonnan din.
- 8). *Sambal Botolan*: Hay ahe nin nanlek ha pinag-ibatan, ay ahe makarateng ha lalakwen.
- 9). *Sangil*: Tao mata taya mabiling su pubuakengnge taya dumanta su kadam tangi.

- 10). *Tausug*: Amu in di' maingat maglingi' pa bakas liyabayan niya, di' magsampay pa kadtuan niya.
- 11). *Waray-Waray*: An diri maaram lumingi han tinikangan, di maulpot ha kakadtoan.
- 12). *Yakan*: Gey tau mayam sibukutan, gey tau tekka kaditaran.

B. Pagkakaiba ng Dyalekto [Rehiyon ng Bicol]

Filipino: “Matagal ka ba roon sa palengke?”

[“Were you there at the market for a long time?”]

- 1). Haloy ka duman sa saod? (Naga, Camarines Norte)
- 2). Naeban ika sadto sa sa-ran? (Iriga, Camarines Sur)
- 3). Uban ika adto sa saod? (Libon, Albay)
- 4). Huray ka doon sa saod? (Pandan, Catanduanes)
- 5). Naegey ika adto sa sa-ran? (Buhi, Camarines Sur)
- 6). Eley ka idto sa sed? (Oas, Albay)
- 7). Dugay ka didto sa palengke? (Ticao, Masbate)
- 8). Awat ka didto sa plasa? (Gubat, Sorsogon)

C. Taglish: Tagalog at English

- 1). Natapos mo na ba yung *homework* mo? / Have you finished your homework?
- 2). Pakitawag ang *drayber*. / Please call the driver.
- 3). Magsya-*shopping* ako sa *mall* mamaya. / I will shop at the mall later.
- 4). Na-*print* mo ba ang *report*? / Have you printed the report?
- 5). Mag-LRT ka papuntang *school*.
Use the LRT (the Manila Light Rail Transit System) in going to school.
- 6). *I went to school*, kaso wala pa palang pasok. .. but there was no class.
- 7). Nahihiya sila na mag-*ask* ng *favor from you*, kasi hindi mo na trabaho ito.
They are shy asking a favor from you, because this isn't your job anymore.

D. Englog: English at Tagalog

- 1). Let's make *tusok* the fish balls. / Let's pierce [onto the stick] the fish balls.
Note: Fishballs are a Filipino delicacy.
- 2). Make *cuento* to me what happened../ Tell me the story about what happened.
Note: Cuento is a Spanish [account /story] which is also used in Tagalog.
- 3). I'm so *init na*; make *paypay* me *naman o*. / I'm so hot; please fan me now.
- 4). You make *hintay* here while I make *sundo* my *kaibigan*.
You wait here while I fetch my friend.
- 5). He's so *galing*.
He's so competent / good / skillful.

A. PALATUNUGAN O PONOLOHIYA

Palatunugan o Ponolohiya

Tungkol ito sa pag-aaral ng kayarian o set ng mga tunog na bumubuo ng mga salita sa isang wika.

Palatinigan o Ponetika

Tungkol naman ito sa pag-aaral ng tunog ng mga salita at ang pagpapalabas ng mga ito.

Ponemang Segmental

- May kani-kaniyang tiyak na dami ng makabuluhang mga tunog ang bawat wika.
- Makabuluhan ang isang tunog kung nag-iba ang kahulugan ng salitang kinasasamahan nito kapag ito'y alisin o palitan. [dagat `sea': inalis ang /t/ → daga `rat'; pinalitan ang /g/ → dapat `must'].
- Kaya, ang /g/ ay isang makabuluhang tunog at ito'y tinatawag na ponemang segmental o ponema.

May 21 ponema sa Filipino: 16 katinig at 5 patinig. (Sa palabaybayang Ingles, ang salitang *plumber* ay binubuo ng 7, kahit na binubuo lamang ito ng 5 ponema sa transkripsyong: /plamer/).

Katinig

- Maiaayos ang katinig ayon sa punto at paraan ng artikulasyon at kung binibigkas nang may tinig (m.t.) o walang tinig (w.t.) ang mga ito. (Santiago & Tiangco: 2003)

Ponemang Katinig

Paraan ng Artikulasyon	Punto ng Artikulasyon					
	Panlabi	Pangngipin	Panggilagid	Pangngalangala		Glotal
				Palatal	Velar	
pasara ---- w.t. ---- m.t.	--- p --- b	----- t ----- d	-----	-----	--- k --- g	--- ? ---
pailong m.t.	m	m			ŋ	
pasutsot w.t.			s			h
pagilid m.t.			l			
pakatal m.t.			r			
malapatinig m.t.				y	w	

Patinig

- Maiaayos din ito ayon naman sa kung aling bahagi ng dila ang gumaganap sa pagbigkas ng isang patinig: unahan, sentral, likod at kung ano ang posisyon ng nasabing bahagi sa pagbigkas: mataas, nasa gitna o mababa. (Santiago & Tiangco: 2003)

Ponemang Patinig

	Harap	Sentral	Likod
mataas	i		u
gitna	e		o
mababa		a	

Diptonggo

- Mga diptonggo: *aw*, *iw*, *ey*, *ay*, *oy* at *uy* (hilaw, baliw, beynte, kulay, tuloy, aruy).
- Ang 'iw' sa 'aliw' ay diptonggo. Ngunit sa 'aliwan' hindi na ito maituturing na diptonggo dahil ang /w/ ay napagitan na sa dalawang patinig at ang pagpapantig ay *a-li-wan*.

Klaster

Ang klaster (kambal-katinig) ay ang magkakabit na dalawang magkaibang katinig sa isang pantig. Matatagpuan ito ngayon sa lahat ng posisyon ng pantig: sa unahan at sa hulihan.

- Ang mga klaster sa posisyong unahan ng pantig ay limitado lamang sa dalawang ponemang katinig; na ang ikalawa ay laging alinman sa mga sumusunod na limang ponemang katinig: /w, y, r, l, s/.
- Kung ang ikalawang ponemang katinig ay /w/ o /y/, ang una ay maaaring alinman sa mga sumusunod na ponemang katinig: /p, t, k, b, d, g, m, n, l, r, s, h/.
- Kung ang ikalawang ponemang katinig ay /r/, ang unang ponemang katinig ay maaaring alinman sa mga sumusunod: /p, t, k, b, d, g/.
- Kung ang pangalawang ponemang katinig ay /l/, ang una ay maaaring alinman sa /p, k, b, g/.
- At kung ang pangalawang ponemang katinig ay /s/, isa lamang ang maaaring itambal dito - ang /t/.

Sa klaster na ang huling katinig ay /y/ at /w/, mayr ibang baybay ito sa pamamagitan ng paglalagay ng isang tunog na patinig sa pagitan ng dalawang katinig: *kweba~kuweba*, *swerte~suwerte*, *lumpya~lumpiya*.

- Kapag ang isang klaster ay nagkakaroon ng singit na patinig, hindi na ito maituturing na klaster dahil mayroon nang dalawang pantig.

Ipinapakita sa tsart ang maaaring kumbinasyon ng mga ponemang katinig na maituturing na klaster (Santiago & Tiangco: 2003):

	/w/	/y/	/r/	/l/	/s/
/p/	x	x	x	x	
	pwersa	pyano	premyo	plato	
/t/	x	x	x		x
	katwiran	batya	litrato		kutsara
/k/	x	x	x	x	
	kweba	kyosko	krisis	klase	
/b/	x	x	x	x	
	bwelta	gobyerno	libro	blusa	
/d/	x	x	x		
	dwende	dyalogo	droga		
/g/	x	x	x	x	
	gwantes	gyera	grasya	glorya	
/m/	x	x			
	mwebles	myembro			
/n/	x	x			
	nwebe	banyo			
/l/	x	x			
	lwalhati	lyab			
/r/	x	x			
	rweda	dyaryo			
/s/	x	x			
	swerte	syampu			
/h/	x	x			
	hwes	relihyon			

- Patuloy ang pagpasok ng mga salitang-hiram (Ingles) na karamihan ay may klaster sa posisyong hulihan ng pantig (*iskawt, drayb, desk, kard, nars, beysbol, relaks, atbp.*)

Pares Minimal

- Pares ng salita na magkaiba ng kahulugan ngunit magkatulad na magkatulad sa bigkas (maliban sa isang ponema sa magkatulad na posisyon).
- Ginagamit ang pares minimal sa pagpapakita ng pagkakaiba ng mga tunog ng magkakahawig ngunit magkakaibang ponema.
- Ang mga ponemang /p/ at /b/ ay magkatulad sa punto ng artikulasyon (kapwa panlabi) at magkatulad din sa paraan ng artikulasyon (kapwa pasara).
- Ngunit binibigkas ang /p/ nang walang tinig, samantalang ang /b/ ay mayroon. Sa pagkakaibang ito, ang kahulugan ng isang salita ay nababago sa sandaling ang isa ay ipalit sa isa: pato `duck' (p → b) = bato `stone'.
- Ang /p/ at /b/ ay magkaibang ponema dahil kapag inilagay sa magkatulad na kaligiran (pato:bato), nagiging magkaiba ang kahulugan ng dalawang salita.

- Sa *kape:kafe*, nasa magkatulad na kaligiran ang /p/ at /f/ ngunit hindi natin masasabing magkaibang ponema ang mga ito dahil magkatulad ang kahulugan ng *kape* at *kafe*. (Sa Ingles, malinaw na magkaibang ponema ang /p/ at /f/, tulad sa mga pares minimal na *pat:fat*, *plea:flea*, atbp).

Ponemang Malayang Nagpapalitan

- Ito ang magkaibang ponemang matatagpuan sa magkatulad na kaligiran ngunit hindi nagpapabago sa kahulugan ng mga salita.
- Ang malayang pagpapalitan ng dalawang ponema ay karaniwang nangyayari sa mga ponemang patinig na /i/ at /e/ at sa /o/ at /u/.
- Kapag nagpapakita ng ibang anyo ang dalawang tunog o ponema sa magkatulad na kaligiran, ang kahulugan ay nagbabago:

mesa → *misa* *oso* → *uso*
ewan → *iwan* *boto* → *buto*

- May mga pagkakataong ang pagpapalit ng ponema ay hindi nakakapagbago sa kahulugan ng salita:

lalake → *lalaki* *abogado* → *abugado*
raw → *daw* *opo* → *oho*

Ponemang Suprasegmental

- Tono (pitch) - tumutukoy sa taas-baba ng bigkas sa pantig ng isang salita:
kahápon (araw na nagdaan) → *kahapón?* (tanong)
- Haba (length) - tumutukoy sa haba ng bigkas sa pantig ng pantig:
haLAman
- Diin (stress) - tumutukoy sa lakas ng bigkas ng pantig: *haLAman*
- Antala (juncture) - tumutukoy sa saglit ng pagtigil na ating ginagawa sa ating pagsasalita:

Filipino	Ingles	Espanyol
<i>Hindi masarap.</i>	<i>It's not delicious.</i>	<i>No es sabroso.</i>
<i>Hindi, masarap.</i>	<i>No, it's delicious.</i>	<i>No, es sabroso.</i>
<i>mánggagámot</i>	<i>récord</i>	<i>hablo</i>
<i>manggágamót</i>	<i>recórd</i>	<i>habló</i>

Palapantigan

Bawat pantig ay may patinig (P) na kadalasan ay may kakabit na katinig (K) o mga katinig sa unahan, sa hulihan o sa magkabila.

Pormasyon ng Pantig

- P – pantig na binubuo ng patinig lamang (payak): o-o, a-ko, a-la-a-la
- KP – pantig na binubuo ng patinig na may tambal na katinig sa unahan (tambal-una): *me-sa*, *pu-so*, *bi-na-ta*
- PK – pantig na binubuo ng patinig na may tambal na katinig sa hulihan (tambal-huli): *mul-to*, *is-la*, *pin-to*
- KPK – pantig na binubuo ng patinig na may tambal na katinig sa unahan at hulihan (kabilaan): *ak-tor*, *la-pis*, *pru-tas*
- Binubuo na may klaster: KKP (tsi-ne-las); PKK (eks-tra); KKPK (plan-tsa); KPKK (re-port); KKPKK (trans-por-tas-yon)

Pagbabagong Morpoponemiko

Ang pagbabagong nagaganap sa anyong ponemiko ng morpema ay sanhi ng impluwensiya ng katabing tunog.

- Asimilasyon – pagbabago bunga ng tunog sa sumusunod na ponema.
[*mang-/pang-* > *mam-/pam-* + b, p; *man-/pan-* + d, l, r, s, t]:
pang- + bansa → *pambansa* *pang-* + dakot → *pandakot*
mang- + daya → *mandaya* *mang-* + loloko → *manloloko*
- Pagkakaltas ng ponema – nawawala ang huling patinig ng salitang-ugat kapag nilagyan ng hulapi.
sakit + *-an* = *sakitan* → *saktan* *bili* + *-hin* = *bilihin* → *bilhin*
- Paglilipat ng diin – nagbabago ng diin kung nilalapan.
lapit → *lapitan* *sabi* → *sabihin* *pili* → *piliin*
- Pagbabago ng ponema – kapag nasa pagitan ng dalawang patinig ang d nagiging r ito.
maki + *daan* → *makiraan* *sagad* + *in* → *sagarin*
- Pagpapaikli ng salita – nagbabago at umiikli kaysa salitang orihinal.
ayaw + *ko* → *ayoko* *sabi* + *mo* → *kamo* / *ikamo*
- Metatesis – pagpapalitan ng posisyon ng mga tunog sa isang salitang nilalapan (*in* → *ni*)
l at *n* : *linuto* → *niluto* *y* at *n* : *ynakap* → *niyakap*

B. PALABUUAN O MORPOLOHIYA

Tungkol ito sa pag-aaral ng mga morpema ng isang wika at ng pagsasama-sama ng mga ito upang makabuo ng mga salita.

Morpema

- Ito ang pinakamaliit na yunit (na hindi na maaari pang mahati nang hindi nawawala ang kahulugan nito) ng isang salita na nagtataglay ng kahulugan.
- Ang morpema ay maaaring isang salitang-ugat o panlapi.
mabahay = 2 morpema: [*ma-*] unlapi [*bahay*] salitang-ugat
mabahay = maraming *bahay*
bahay = hindi na mahahati sa *ba* at *hay* (wala nang kahulugan)

Anyo ng Morpema

Maaaring isang makabuluhang tunog o ponema, isang panlapi o isang salitang-ugat. (Santiago & Tiangco: 2003)

- Morpemang binubuo ng isang ponema. Salitang-hiram (Espanyol): *direktor* ~ *direktora* [a]. Ang ponemang /a/ ay makahulugang yunit na tumutukoy ng 'kasariang pambabae.' Kaya ito'y dalawang morpema: [*direktor*] at [*-a*]. Sa mga pangalan ng tao: *Lino* → *Lina*; *Antonia* → *Antonia*. Sa Ingles: morpemang pangmaramihang [s] sa *boys*: *boy* + *s*.
- Ang morpemang binubuo ng panlapi. Ang mga panlapi ay may kahulugang taglay, kaya bawat isa ay isang morpema. Ang panlaping *um-* ay may kahulugang "pagganap sa kilos na isinasaad ng salitang ugat": *umaalis*, ang *um-* ay nagsasaad na 'ginagawa ang kilos ng pag-alis.'

- Ang mga panlapi ay tinatawag na **di-malayang mga morpema** dahil laging inilalapi sa ibang morpema: mag- [*maglaro*], pag- [*pagbili*], i- [*itapon*], maka- [*makakain*], atbp.
- May mga panlaping di-magkarugtong: mag-....-an [*magtawagan*] na may kahulugang “gantihang pagsasagawa ng diwang isinasaad ng pandiwang sulat.”

Morpemang binubuo ng salitang-ugat. Mga salitang payak at walang panlapi: *sila, takbo, dagat, bili, siyam, kahon*, atpb.

- Ang salitang-ugat ay tinatawag na **malayang morpema** kung maaari itong makatayong mag-isa: takbo at bili sa *tumakbo* at *binili*.

Uri ng Morpema

- 1) Morpemang may kahulugang leksikal
- 2) Morpemang may kahulugang pangkayarian
“Nagbasa ng tula sa programa ang mga estudyante.”

Analisis:

- Ang mga katagang *ng, sa* at *ang mga* ay walang tiyak na kahulugan kundi nagpapalinaw ng kahulugan at gamit sa buong pangungusap.
- Ang *ng* ay nagpapakita ng kaugnayan ng nagbasa at tula; ang *sa* ay nagpapakita ng kaugnayan ng tula at programa; at ang *ang mga* ay nagpapakitang ang sumusunod na pangangalan ay nasa kauukulang palagyo.
- Kailangan ang bawat isa sa kayarian ng pangungusap, kaya hindi puwedeng sabihing: “*Nagbasa tula programa estudyante.”

Distribusyon ng mga Morpema

Ang mga morpema ng isang wika ay may mga tiyak na kaayusan o distribusyong sinusunod:

- Ang unlaping *um-* ay laging nasa unahan ng salitang-ugat na nagsisimula sa patinig: *akyat* [*umakyat*].
- Ang gitlaping *-um-* ay laging nasa pagitan ng unang katinig at kasunod nitong patinig ng nilalapiang salitang nagsisimula sa katinig: *tulong* [*tumulong*].

Kaya ang distribusyon ng isang morpema ay ang kabuuan ng kontekstong puwedeng paggamitan nito sa wikang kinabibilangan. Ano ang gamit ng *ng* sa mga sumusunod na pangungusap?

1. Nagluto *ng* adobo ang mga kusinero. (pananda ng tuwirang layon)
2. Binili *ng* nanay ang mga ulam na iyan. (pananda ng tagaganap ng pandiwang balintiyak)
3. Mahirap pala ang eksamen *ng* mga sundalo. (panuring na paari)

Alomorp ng Morpema

Puwedeng magbago ng anyo ng isang morpema dahil sa impluwensiya ng kaligiran at ito’y tinatawag na **alomorph**.

- Ang morpemang [pang-] ay may tatlong alomorph: [pang-], [pam-] at [pan-]. May sariling distribusyon ang bawat alomorph.
- Ginagamnit ang alomorph na [pang-] (walang pagbabago sa anyo) kung ang inuunlapiang salita ay nagsisimula sa mga patinig o sa katinig, maliban sa /b/ o /p/ na para [pam-], at /d, l, r, s. t/ para sa [pan-]:

<i>pampito</i>	<i>pang-alis</i>	<i>pandikit</i>
<i>pambansa</i>	<i>pangwalas</i>	<i>pantaksi</i>

- Tulad ng [pang-], ang panlaping [mang-] ay may mga alomorph ding [mang-], [mam-] at [man-] gayundin ang [sing-]:

<i>mambola</i>	<i>manghabol</i>	<i>manlalaro</i>
<i>mamula</i>	<i>mang-akit</i>	<i>mandaya</i>
<i>simbilis</i>	<i>singyaman</i>	<i>sinlaki</i>
<i>simputi</i>	<i>sing-alat</i>	<i>sinsama</i>

Salita. Lipon ng mga tunog na may kahulugan: malusog, mag-aral, mamaya

- May mga salitang magkatulad ang baybay, ngunit magkaiba ang bigkas at ang kahulugan:

<i>máנגgagamot (tao)</i>	<i>manggágamot (gawain)</i>
<i>áso (hayop)</i>	<i>asó (bagay)</i>
<i>búkas (pang-abay)</i>	<i>bukás (pang-uri)</i>

Kayarian ng Salita. At batay sa kayarian, mauuri ang mga salita sa:

a) *payak*, b) *inuulit*, c) *maylapi*, at d) *tambalan*.

- Payak - kung salitang-ugat lamang ito, o walang panlapi, hindi inuulit at walang katambal na isang salita: *puno*, *lapis*, *sipag*
- Inuulit - kung inuulit ang kabuuan nito o ang isa o higit pang pantig nito sa dakong unahan. May dalawang pangkahalatang uri ng pag-uulit:

(a) pag-uulit na ganap - kung ang buong salitang-ugat ang inuulit.

Walang pagbabago sa diin: *gabí* → *gabí-gabí*

May pagbabago sa diin: *báhay* → *baháy-baháy*

(b) pag-uulit na di-ganap o parsyal - kung bahagi lamang ng salita

ang inuulit. *alis* → *aalis* *sulat* → *susulat*

- Maylapi - salitang binubuo ng salitang-ugat at isa o higit pang panlapi.

<i>umakyat</i>	<i>maghabulan</i>	<i>sinamahan</i>
----------------	-------------------	------------------

Paglalapi - ang pagbubuo ng salita sa pamamagitan ng panlapi at salitang-ugat. Nagkakaroon ng iba't ibang anyo at kahulugan sa pamamagitan ng iba't ibang panlapi ang isang salitang-ugat.

<i>-um-</i>	<i>+ bili</i>	→	<i>bumili</i>
<i>mag-</i>	<i>+ bili</i>	→	<i>magbili</i>

Uri ng Panlapi. Narito ang tatlong pangkalahatang uri ng panlapi:

* Unlapi - ikinakabit sa unahan ng salitang-ugat:

mag- + *sayaw* → *magsayaw* *i-* + *tapon* → *itapon*

* Gitlapi - isinisingit sa pagitan ng unang katinig at kasunod nitong patinig. Nagagamit lamang ang gitlapi kung nagsisimula sa

A. Pangngalan - bahagi ng pananalitang tumutukoy sa isang tao, hayop, bagay, pook, kalagayan, o pangyayari.

- 1). Pangngalang ngalan ng tao
- 2). Pangngalang ngalan ng hayop
- 3). Pangngalang ngalan ng bagay
- 4). Pangngalang ngalan ng pook
- 5). Pangngalang ngalan ng katangian
- 6). Pangngalang ngalan ng pangyayari

1. Uri ng Pangngalan

- a). Pantangi - ang tiyak na tawag sa tao, hayop, pook o pangyayari.
- b). Pambalana - ang karaniwan o panlahat na tawag sa tao, hayop, bagay, pook, kalagayan o pangyayari.

2. Gamit ng Pangngalan. Maaaring bahagi ng isang pangungusap at gumaganap ito bilang:

- | | |
|----------------------------------|--|
| a). simuno ng pangungusap | Nasa Lungsod ng La Jolla ang <i>UCSD</i> . |
| b). panuring sa kapwa pangngalan | Malaki na ang lalaking <i>kapatid</i> nila. |
| c). layon ng pang-ukol | Ayon sa <i>doktor</i> , dapat kumain ka sa oras. |
| d). tuwirang layon | Umiinom ng <i>gatas</i> ang bata araw-araw. |
| e). di-tuwirang layon | Magbibigay ang nanay ng pera sa <i>kanya</i> . |
| f). layon ng pawatas | Libangan ni J.R. ang maglaro ng <i>basketbol</i> . |

B. Pantukoy - katagang laging nangunguna sa pangngalan o panghalip na ginagamit sa simuno. May dalawang uri ng pantukoy: 1) pantukoy sa pantanging ngalan ng tao, at 2) pantukoy sa iba pang uri ng pangngalan.

Pananda ng mga pangngalang nasa kaukulang *palagyo* [simuno] ang **ang / ang mga; si / sina**. Ang katagang '**mga**' ay nagpapahayag ng maramihan.

<i>ang ibon</i>	<i>ang mga libro</i>	<i>sina James at Mia</i>
<i>ang ama</i>	<i>si Franklin</i>	<i>ang Maynila</i>

1. Pangungusap - lipon ng mga salitang nagsasaad na naipahayag na ng nagsasalita ang isang diwang nais niyang iparating sa kausap.

- | | | |
|-------------------|------------------|--------------------|
| a). <i>Tatay!</i> | b). <i>Aray!</i> | c). <i>Tulong!</i> |
|-------------------|------------------|--------------------|

A. Bahagi ng Pangungusap

- a). Simuno / Paksa - ang bahaging pinag-uusapan sa pangungusap.
Si Bb. Ruiz ay guro sa Filipino.
- b). Panaguri - naglalahad ng mga bagay hinggil sa simuno. Ito'y maaaring isang pangngalan, panghalip, pang-uri o pandiwa.
Guro sa Filipino si Bb. Ruiz.

B. Ayos ng Pangungusap

- a). Tuwirang Ayos - panaguri ang nauuna sa simuno.
Kaibigan ko si Anthony.
- b). Kabaligtarang Ayos - simuno ang nauuna sa panaguri.
Si Anthony ay kaibigan ko.

2. Panandang 'ay'. Hindi maituturing na pandiwa ang ay dahil walang panahunan, fokus at nawawala ito sa ayos na panaguri-simuno ng pangungusap nang hindi

nagbabago ang kahulugan ng pangungusap. Kaya masasabi nating palatandaan ng ayos ng pangungusap ang *ay*. Ipinakikita nito ang kabaligtarang ayos ng pangungusap - ang ayos na simuno-panaguri. [*Pansinin ang mga halimbawang nasa kanan sa itaas.*]

3. Uri ng Pangungusap

- a). Paturol o Pasalaysay - nagsasaad ng katotohanan o isang pangyayari.
Filipino ang Wikang Pambansa ng Pilipinas.
- b). Pautos - naghahayag ng utos o kahilingan.
Mag-aral ka nang mabuti.
- c). Patanong - nagsasaad ng isang katanungan.
Kumain ka na ba?
- d). Padamdin - nagsasaad ng matinding damdamin.
Naku, nadapa ang bata!

C. Pang-angkop. Isang mahalagang katangian sa Filipino ang paggamit ng mga pang-angkop kahit na wala itong taglay na kahulugan. Nag-uugnay ang mga ito sa panuring at tinuturingan. Mga pang-angkop: **na / -ng / -g**

1. Ginagamit ang **na** kapag nagtatapos sa *katinig* (maliban sa */n/*) ang salitang inaangkupan.
sapatos **na** mahal o mahal **na** sapatos
2. Ginagamit ang **-ng** bilang hulapi kapag nagtatapos sa *patinig* ang salitang inaangkupan.
baba**eng** (baba**e-ng**) maganda o maganda**ng** babae
3. Kapag nagtatapos sa */n/* ang salita, inaangkupan lamang ito ng *-g/*.
kahon**g** (kahon**g**) magaan o magaa**ng** kahon

Tandaan: Hindi nagbabago ang kahulugan ng parirala kahit na nasa anyong kabaligtaran ito. Narito ang ilang kombinasyon sa paggamit ng mga pang-angkop:

- a). pangngalan + pangngalan
- b). pangngalan + pang-uri
- c). pangngalan + pandiwa
- d). pangngalan + pang-abay
- e). panghalip + panghalip
- f). panghalip + pangngalan
- g). panghalip + pang-uri
- h). pang-uri + pandiwa
- i). pandiwa + pandiwa
- j). pang-abay + pangngalan
- k). pang-abay + pang-uri
- l). pang-abay + pandiwa
- m). pangatnig + pang-abay

D. Panghalip - salitang panghalili sa pangngalan. Makikilala ito dahil sa pagbabagong-anyo ayon sa kaukulan: *a)* nasa anyong **ang (simuno)**, *b)* nasa anyong **ng (paari)**, at *c)* nasa anyong **sa (layon)**. Mga uri ng panghalip: 1) panao, 2) pamatlig, at 3) paari.

1. Panghalip na Panao - panghalili sa ngalan ng tao.

Makikita sa tsart sa ibaba ang mga panghalip ayon sa *panauhan* o kung sino ang tinutukoy: unang panauhan (*nagsasalita*), ikalawang panauhan (*kinakausap*) at ikatlong panauhan (*pinag-uusapan*) at ayon sa *kailanan* o *bilang* ng tinutukoy: isahan at maramihan.

Panao [Simuno]

Kailanan / Panauhan		Panghalip	
<i>Isahan</i>			
Una	1	ako	
Ikalawa	2	ikaw, ka	
Ikatlo	3	siya	
<i>Maramihan</i>			
Una	1	tayo, kami	
Ikalawa	2	kayo	
Ikatlo	3	sila	

2. Panghalip na Pamatlig - humahalili sa ngalan ng tao, bagay, at iba pang itinuturo.

Pamatlig [Simuno]

<i>Isahan</i>			<i>Maramihan</i>	
ito		1	ang mga ito	
iyang		2	ang mga iyang	
iyon		3	ang mga iyon	

May tatlong kategoryang tinutukoy ang bawat uri ng panghalip na pamatlig sa itaas: *malapit sa nagsasalita* [1], *malapit sa nakikinig* [2], at *malayo kapwa sa nagsasalita at nakikinig* [3].

3. Panghalip na Paari. Mga pang-uring paari na ginagamit sa unahan ng pangngalan (walang pang-angkop) ang mga anyong ginagamit para sa balangkas na ito.

Paari

<i>Isahan</i>			<i>Maramihan</i>	
akin		1	atin o amin	
iyo		2	inyo	
kanya o kaniya		3	kanila	

4. Pagmamay-ari. Maliban sa paggamit ng pang-uring paari, ipinahahayag din ang '*pagmamay-ari*' [sa Ingles: of; s' / 's] sa pamamagitan ng paggamit ng mga panandang **ni / nina** para sa mga ngalan ng tao (pangngalang pantangi) at **ng / ng mga** para sa mga ngalan ng tao, hayop, o bagay (pangngalang pambalana) at lugar (kapwa pantangi at pambalana).

5. Salitang Pananong - kumakatawan sa ngalan ng tao, pook, bagay o pangyayaring itinatanong. Kaganapang pansimuno ang gamit ng mga ito at mayroon ding kailanan: *isahan* at *maramihan*. Narito ang mga salitang pananong:

<i>Sino?</i>	Sino ang kaibigan mo?	[<i>Sinu-sino?</i>]
<i>Ano?</i>	Ano ang binili mo sa tindahan?	[<i>Anu-ano?</i>]
<i>Alin?</i>	Alin ang libro niya?	[<i>Alin-alin?</i>]
<i>Kanino?</i>	Kaninong baon ito?	[<i>Kani-kanino?</i>]
<i>(Sa) kanino?</i>	(Sa) kanino ba siya sumama?	
<i>Para kanino?</i>	Para kanino ang sumbrero?	
<i>Nakanino?</i>	Nakanino ang susi ng kotse?	[<i>Nakani-kanino?</i>]
<i>Saan?</i>	Saan ka pumunta kagabi?	[<i>Saan-saan?</i>]
<i>Nasaan?</i>	Nasaan ang susi?	
	['Sa' ang panagot sa 'saan?' at 'nasa' naman ang sa 'nasaan?']	
<i>Kailan?</i>	Kailan kayo pumasak sa Pilipinas?	[<i>Kai-kailan?</i>]
<i>Bakit?</i>	Bakit hindi ka pumasok noong isang linggo?	
<i>Paano?</i>	Paano ka pumupunta sa Muir College?	[<i>Paa-paano?</i>]
<i>Magkano?</i>	Magkano na ang pasahe ngayon sa dyip?	[<i>Magka-magkano?</i>]
<i>Gaano?</i>	Gaano kalayo ang Chula Vista mula rito?	[<i>Gaa-gaano?</i>]
<i>Ilan?</i>	Ilan ba kayong magbabakasyon?	[<i>Ilan-ilan?</i>]
<i>Ilang beses?</i>	Ilang beses sa isang linggo ka namimili sa palengke?	

E. Pang-uri - salitang nagsasaad ng katangian ng tao, bagay, lunan at iba pang tinutukoy ng pangngalan o panghalip na kasama nito sa loob ng pangungusap.

Kaanyuan ng Pang-uri. Maaaring salita o parirala at bilang isang salita, maaari itong:

a). Payak - kung binubuo ito ng mga salitang-ugat lamang.

busog hinog itim haba

b). Maylapi - kung binubuo ito ng salitang-ugat at panlapi.

- | | |
|----------------------|---|
| (1). <i>ma-</i> | <i>Magalang</i> ang batang iyan. |
| (2). <i>maka-</i> | <i>Makabayan</i> ang mga bagong estudyante. |
| (3). <i>mapag-</i> | <i>Mapagbiro</i> ang panganay naming kapatid. |
| (4). <i>mapagma-</i> | <i>Mapagmataas</i> daw ang kapitbahay nila. |
| (5). <i>pala-</i> | <i>Palabasa</i> ang iskolar na si Alex. |
| (6). <i>mala-</i> | <i>Malahiningang</i> tubig ang gusto niyang inumin. |
| (7). <i>-in</i> | <i>Mahiyain</i> ang dalagang bagong dating. |
| (8). <i>ka...-an</i> | Kapansin-pansin ang <i>kagandahan</i> ni Jasmine. |

c). Inuulit - kung nauulit ang salitang-ugat o ang unang dalawang pantig ng salitang may tatlo o higit pang pantig.

Butas-butas na ang sapatos ni Kuya Rommel.

d). Tambalan - kung binubuo ng pinagtambal na salitang nagtataglay ng sariling kahulugan.

Hubog-balyena ba ang katawan ng kasintahan mo?

Uri ng Pang-uri

a). Panlarawan: *Kapuri-puri* ang ginawa ng mga alagad ng batas.

b). Paari: May balita ka ba sa *iyong* dating kaklase?

c). Pamilang: *Sampung* sundalong ang tumulong sa naganap na aksidente.

1. Pang-uring Panlarawan. Nagsasaad ng katangian ng tao, hayop, bagay, lunan at iba pang kumakatawan sa pangngalan o panghalip na kasama nito sa loob ng pangungusap tulad ng katangian, hugis, anyo, laki at iba pa.

mataas malaki maganda bilog payat itim

- (a). Posisyon ng mga Pang-uri
- (1). sa unahan ng pangngalan matapang na bata
 - (2). kasunod ng pangngalan tubig na marumi
 - (3). sa ayos na panaguri-simuno Matiyaga ang babae.
 - (4). sa ayos na simuno-panaguri Ang babae ay matulungin.
- (b). Kaanyuan.
- (1). Karaniwang binubuo ang mga pang-uri sa paggamit ng unlaping *ma-* + *salitang-ugat* nito.
- | | | |
|---------------------------|-------------------|----------------|
| <u>ma-</u> | Pang-uri | Kasalungat |
| <i>ma</i> + <i>lambot</i> | = <i>malambot</i> | <i>matigas</i> |
| <i>ma</i> + <i>bango</i> | = <i>mabango</i> | <i>mabaho</i> |
- (2) Mga Ibang Pang-uri:
- | | | | |
|-------------|----------------|--------------|-----------------|
| <i>mura</i> | - <i>mahal</i> | <i>payat</i> | - <i>mataba</i> |
| <i>tuyo</i> | - <i>basa</i> | <i>lanta</i> | - <i>sariwa</i> |

2. Pang-uring Paari. May dalawang anyo ang mga pang-uring paari: (a) iyong mga inilalagay sa *unahan* ng pangngalan, at (b) iyong mga inilalagay sa *hulihan* o *kasunod* ng pangngalan. Ginagamitan ng *pang-angkop* ang anyong inilalagay sa *unahan* ng pangngalan.

Panauhan	Kailanan			
	<i>Isahan</i>		<i>Maramihan</i>	
	Unahan	Hulihan	Unahan	Hulihan
<i>Una</i>	akin(g)	Ko	atin(g) amin(g)	natin (kabilang) namin (di kabilang)
<i>Ikalawa</i>	iyong	Mo	inyong	ninyo
<i>Ikatlo</i>	kanya(ng) o kaniya(ng)	niya	kanila(ng)	nila

- (1). Para maging mas malinaw, iminumungkahi ang paggamit sa dalawang anyo kapag ginagamit sa pangungusap ang parehong pang-uri.
- (a). Pumunta sa bahay *niya* ang *kanyang* pinsan.
 - (b). Pumunta sa bahay *niya* ang pinsan *niya*. (*hindi maganda*)
 - (c). Pumunta sa *kanyang* bahay ang *kanyang* pinsan. (*hindi rin maganda*)
- (2). Sa mga simunong maramihan, inilalagay sa pagitan ng ang at mga ang mga pang-uring paari (iyong ginagamit sa unahan).
- (a). Masisipag ang *kanilang* mga anak.
 - (b). Masisipag *ang mga* kanilang anak. (*mali*)

3. Pang-uring Pamilang. Sa Filipino, mayroon ding bilang na Patakaran/Kardinal [ginagamit sa pagbibilang o nagpapahayag ng dami o kantidad] at Panunuran/Ordinal [ginagamit sa pagpapahayag ng pagkakasunud-sunod o ranggo].

a). Patakaran/Kardinal. Binubuo ito ng mga bahaging payak o hugnayan. Narito ang mga payak na bilang.

1 isa 6 anim 11 labing-isa

b). Panunuran/Ordinal. May dalawang grupo ito sa Filipino. Ginagamit ang unlaping *ika-* o *pang-* na inilalapi sa mga bilang na patakaran. Sa parehong grupo, di-karaniwan

ang anyo (*tingnan ang talaan sa ibaba*) ang unang tatlong bilang. Nagkakaroon ito ng pagbabago ng anyo o ispelang sa grupo ng *pang-* (*pam-*, *pan-*, at *pang-*).

ika- (una), ikalawa, ikatlo

pang- (una), pangalawa, pangatlo

c). Bilang sa Espanyol. Sa Filipino, ginagamit din ang mga bilang na hiram mula sa Espanyol at may kaunting pagbabago sa pagbibigkas at pagbabaybay nito para maging alinsunod sa paggamit ng alpabetong Filipino.

Patakaran: 1 uno

6 sais

11 onse

Panunuran: 1st a-primero

6th a-sais

11th a-onse

d). Araw ng Linggo at Buwan ng Taon. Ginagamit ng mga Pilipino ang bilang na Espanyol sa pagsasaad ng mga araw (maliban sa Domingo → Linggo) at mga buwan. Narito ang ibang gamit ng mga pamilang.

(1). Petsa, (2). Bahagimbilang, (3). Sukat. Kasama rito ang tungkol sa (a) *Gulang*;

(b) *Pera*; (c) *Bahagdan*; (d) *Haba, Oras, Dami, Timbang, at Karaniwang Bilang*.

F. Pandiwa - salitang nagsasaad ng kilos o nagbibigay-buhay sa isang lipon ng mga salita.

Dumating ang mga panauhin sa piyesta kahit masama ang panahon.

Nakikilala ang pandiwa sa pamamagitan ng mga anyo nito sa iba't ibang panahunan o aspekto ayon sa uri ng kilos na isinasaad.

a). *Umalis* na si Adrian. (Pangnakaraan / Perpektibo)

b). *Umaalis* ang mga bisita. (Pangkasalukuyan / Imperpektibo)

c). *Aalis* sila mamaya. (Panghinaharap / Kontemplatibo)

Kayarian ng Pandiwa. Nabubuo ang pandiwa sa Filipino sa pamamagitan ng pagsasama ng isang salitang-ugat at ng isa o higit pang panlaping makadiwa. Ang salitang-ugat ang nagbibigay ng kahulugan sa pandiwa, samantala ang panlapi naman ang nagpapahayag ng fokus o pambalarilang kaugnayan ng pandiwa sa simuno o paksa ng pangungusap.

Panlapi + Salitang-ugat = Pandiwa [pawatas]

um- + *alis* = *umalis*

mag- + *salita* = *magsalita*

Panagano ng Pandiwa - nagpapakilala ng pagkakaganap ng kilos.

a). Pawatas - anyo ng pandiwang wala pang kilos na nagaganap at nagpapakilala lamang ito ng diwa ng kilos na isinasaad ng salitang-ugat.

umalis

magsalita

isangag

b). Pautos - nagbibigay ng diwa sa pagpapaggawa, pakikiusap o pag-uutos ng kilos na isinasaad ng pandiwa: *Ibigay natin* ang tamang sagot.

c). Paturol – nagsasaad ng panahunan o aspekto ng pandiwa.

(1). Panahunang Pangnakaraan o Aspektong Perpektibo [*naganap na*]

Bumili siya ng sariwang gulay at isda sa palengke noong isang araw.

(2). Panahunang Pangkasalukuyan o Aspektong Imperpektibo

[*nagaganap pa*] - *Naglalaro* ang mga bata sa bagong parke.

(3). Panahunang Panghinaharap o Aspektong Kontemplatibo

[*magaganap pa*] - *Magbibigay* si Marlon ng pera sa pulubi bukas.

d). Pasakali - nagpapahiwatig ng kilos na may pag-aalinlangan o padududa, kaya ginagamitan ng pang-abay na *baka, tila, sana, marahil* at iba pa.

Sana hindi umulan nang malakas sa piyesta ng bayan.

1. Aspekto o Panahunan ng Pandiwa. Sa balarilang Filipino, tatlo ang kinikilalang panahunan o aspekto (nagpapahiwatig ng kilos) ng pandiwa: ang panahunang pangnakaraan o aspektong perpektibo [*naganap* o *ginawa na*], ang panahunang pangkasalukuyan o aspektong imperpektibo [*nagaganap* o *ginagawa pa*], at ang panahunang panghinaharap o aspektong kontemplatibo [*magaganap* o *gagawin pa*].

a). *Panahunang Pangnakaraan o Aspektong Perpektibo.* Nagsasaad ito ng kilos na sinimulan na at natapos na.

Pawatas:

magtanong

umakyat

alisan

buhusan

pagsabihan

mabalian

I

apitan

rendahan

wakasan

yabangan

alisin

inumin

dalawin

Pangnakaraan:

nagtanong

umakyat

inalisan

binuhusan

pinagsabihan

nabalian

linapitan / nilapitan

rinendahan / nirendahan

winakasan / niwakasan

yinabangan / niyabangan

inalis

ininom

dinalaw

b). *Panahunang Pangkasalukuyan o Aspektong Imperpektibo.* Nagsasaad ito ng kilos na sinimulan na ngunit hindi pa natatapos [at kasalukuyan pang ipinagpapatuloy].

Pawatas

magtanong

manghiram

umakyat

sumagot

alisan

alisin

inumin

dalhin

Pangnakaraan

nagtanong

nanghiram

umaykat

sumagot

inalisan

inalis

ininom

dinala

Pangkasalukuyan

nagtatanong

nanghihiram

umaakyat

sumasagot

inaalisan

inaalis

iniinom

dinadala

c). *Panahunang Panghinaharap o Aspektong Kontemplatibo.* Nagsasaad ito ng kilos na sisimulan o iniisip pa lamang gawin.

Pawatas

magtanong

mag-aral

Panghinaharap

magtatanong

mag-aaral

Pawatas

manghiram

umakyat

Panghinaharap

manghihiram

aakyat

2. Panahunang Pangnakaraan o Aspektong Perpektibong Katátapos. Sa Filipino, mayroon ding *panahunang pangnakaraang katátapos* o *aspektong perpektibong katatapos*. Nagsasaad ito ng kilos na katátapos lamang bago nagsimula ang pagsasalita. Maihahanay na rin ito sa panahunang pangnakaraan. Nabubuo lahat ng kayarian sa panahunang katátapos lamang sa pamamagitan ng paggamit ng unlaping *ka-* at pag-uulit ng unang katinig-patinig o patinig ng salitang-ugat.[*Pansinin ang tuldik.*]

<i>Pawatas</i>	<i>Salitang-ugat</i>	<i>Pangnakaraang Katátapos</i>	
tumawag	tawag	ka + <i>ta</i> + tawag	katátawag
umawit	awit	ka + <i>a</i> + awit	kaáawit
magbakasyon	bakasyon	ka+ <i>ba</i> + bakasyon	kabábakasyon
manghiram	hiram	ka + <i>hi</i> + hiram	kahíhiram
ilagay	lagay	ka + <i>la</i> + lagay	kalálagay

3. Pokus ng Pandiwa. Pokus ang tawag sa pambalarilang kaugnayan ng pandiwa sa simuno o paksa ng pangungusap. Nalalaman ang pokus sa pamamagitan ng panlaping ikinakabit sa pandiwa. Nagkakaroon ng iba't ibang pokus ang pandiwa ayon sa kung ano ang kaganapan ng pandiwa sa posisyong pansimuno ng pangungusap.

- Nagdiwang ng Linggo ng Wika *ang mga estudyante*.
- Nagdiwang *ang mga estudyante* ng Linggo ng Wika.
- Ang mga estudyante* ay nagdiwang ng Linggo ng Wika.

Sa pangungusap na ito, nasa pokus na tagaganap ang pandiwa *nagdiwang*.

Narito ang ilang mga pokus ng pandiwa (Santiago & Tiangco: 2003):

- Pokus sa Tagaganap** - nakatuon sa tagaganap ang simuno ng pangungusap.
Bumili ng bag at sapatos ang dalaga. (Ang dalaga ay bumili.....)
- Pokus sa Layon** - nakatuon sa layon bilang simuno ng pangungusap.
Binili ni Jerry ang kurbata at sumbrero. (Ang kurbata at)
- Pokus sa Tagatanggap** - nakatuon sa pinaglalaanan ng sinasabi ng pandiwa ang simuno ng pangungusap.
Ibinili nila ng adobo ang bisita nila. (Ang bisita nila.....)
- Pokus sa Ganapan** - nagsasaad na ang lugar na pinangyarihan ang simuno ng pangungusap.
Bibilhan ng kuya nila ang Jerome's ng kama. (Ang Jerome's.....)
- Pokus sa Kagamitan** - kapag ang bagay, gamit o kasangkapang ginagamit upang maisagawa ang kilos ng pandiwa ang simuno ng pangungusap.
Ipinanghugas niya ng plato ang mainit na tubig. (Ang mainit na tubig....)
- Pokus sa Sanhi** - nagsasaad na ang dahilan ang simuno ng pangungusap:
Ikinamatay ng pulubi ang sakit sa bato. (Ang sakit sa bato.....)

Tandaan (sa mga halimbawa sa itaas) na puwedeng mabago ang ayos ng mga salita sa pangungusap nang hindi naiiba ang kahulugan ng pangungusap. Kahit na sa ganitong pagbabago, nananatili pa rin ang anyo ng pokus ng pandiwa.

- | | | |
|---|---|---|
| 1 | 2 | 3 |
| a). Bumili / ng bag at sapatos / ang dalaga. | | |
| 1 | 3 | 2 |
| b). Bumili / ang dalaga / ng bag at sapatos. | | |
| 3 | 1 | 2 |
| c). Ang dalaga / ay bumili / ng bag at sapatos. | | |

KAYARIAN NG MGA PANDIWA

1). Kaanyuan at Pagbabanghay

Pawatas (Infinitive)	Pangkasalukuyan (Present Tense)	Pangnakaraan (Past Tense)	Panghinaharap (Future Tense)
um- + rw (p) <i>umalis</i>	um- + d- + rw <i>umaalis</i>	um- + rw <i>umalis</i>	d- + rw <i>aalis</i>
-um- + rw (k) <i>bumili</i>	-um- + d- + rw <i>bumibili</i>	-um- + rw <i>bumili</i>	d- + rw <i>bibili</i>
mag- + rw <i>mag-aral</i> <i>maglaro</i>	nag- + d- + rw <i>nag-aaral</i> <i>naglalaro</i>	nag- + rw <i>nag-aral</i> <i>nag-laro</i>	mag- + d- + rw <i>mag-aaral</i> <i>maglalaro</i>
ma- + rw <i>matulog</i>	na- + d- + rw <i>natutulog</i>	na- + rw <i>natulog</i>	ma- + d- + rw <i>matutulog</i>
mang- + rw <i>manghiram</i>	nang- + d- + rw <i>nanghihiram</i>	nang- + rw <i>nanghiram</i>	mang- + d- + rw <i>manghihiram</i>
rw + -in <i>tawagin</i>	-in- + d- + rw <i>tinatawag</i>	-in- + rw <i>tinawag</i>	d- + rw + -in <i>tatawagin</i>
i- + rw <i>itapon</i>	i- + -in- + d- + rw <i>itinatapon</i>	i- + -in- + rw <i>itinapon</i>	i- + d- + rw <i>itapon</i>
rw + -an <i>bihisan</i>	-in- + d- + rw + -an <i>binibihisan</i>	-in- + rw + -an <i>binihisan</i>	d- + rw + -an <i>bibihisan</i>
maka- + rw <i>makadalaw</i>	na- + d- + ka- + rw <i>nakakadalaw</i> na- + ka- + d- + rw <i>nakadadalaw</i>	naka- + rw <i>nakadalaw</i>	maka- + d- + rw <i>makakadalaw</i>
magpa- + rw <i>magpapatulong</i>	nag- + d- + pa + rw <i>nagpapatulong</i>	nagpa- + rw <i>nagpapatulong</i>	mag- + d- + pa- + rw <i>magpapatulong</i>
ipag- + rw <i>ipagluto</i>	i- + -in- + d- + pag- + rw <i>ipinapagluto</i> i- + -in- + pag- + d- + rw <i>ipinagluluto</i>	i- + -in- + pag- + rw <i>ipinagluto</i>	i- + d- + pag- + rw <i>ipapagluto</i> i- + pag- + d- + rw <i>ipagluluto</i>
ipang- + rw <i>ipanggamot</i>	i- + -in- + d- + pang- + rw <i>ipinapanggamot</i> i- + -in- + pang- + d- + rw <i>ipinanggagamot</i>	i- + -in- + pang- + rw <i>ipinanggamot</i>	i- + d- + pang- + rw <i>ipapanggamot</i> i- + pang- + d- + rw <i>ipanggagamot</i>
pag- + rw + -an <i>pag-aralan</i>	-in- + d- + pag- + rw + -an <i>pinapag-aralan</i> -in- + pag- + d- + rw + -an <i>pinag-aaralan</i>	-in- + pag- + rw + -an <i>pinag-aralan</i>	d- + pag- + rw + -an <i>papag-aralan</i> pag- + d- + rw + -an <i>pag-aaralan</i>
ika- + rw <i>ikamatay</i>	i- + -in- + d- + ka- + rw <i>ikinakamatay</i> i- + -in- + ka- + d- + rw <i>ikinamamatay</i>	i- + -in- + ka- + rw <i>ikinamatay</i>	i- + d- + ka- + rw <i>ikakamatay</i> i- + ka- + d- + rw <i>ikamamatay</i>

(p) patinig = vowel
(k) katinig = consonant

rw = root word
d- = affix duplication (letter)

2). Panlapi at Anyong Pawatas

Salitang-ugat	Panlapi			Pawatas	Ingles
	<i>Unlapi</i>	<i>Gitla pi</i>	<i>Hulapi</i>		
1 alis	um-			umalis	to leave
2 basa		-um-		bumasa	to read
3 aral	mag-			mag-aral	to study
4 sulat	mag-			magsulat	to write
5 tulog	ma-			matulog	to sleep
6 huli	mang-			manghuli	to catch
7 pulot	mang-/mam-(p)			mamulot	to pick
8 bili	mang-/mam-(b)			mamili	to shop
9 tahi	mang-/man-(t)			manahi	to sew
10 suntok	mang-/man-(s)			manuntok	to punch
11 kurot	mang-(k)			mangurot	to pinch
12 ligaw	mang-/man-			manligaw	to court
13 gamit			-in	gamitin	to use
14 sabi			-hin	sabihin	to say
15 kuha			-nin	kunin*	to get
16 turo	i-			ituro	to teach
17 bantay			-an	bantayan	to keep watch of
18 pinta			-han	pintah	to paint
19 puno			-nan	punan*	to fill in
20 kita	maka-			makakita	to be able to see
21 laro	makapag-			makapaglaro	to be able to play
22 tapon	ipa-			ipatapon	to cause somebody / smth to be thrown away
23 luto	pag-....		-an	paglutuan	to use for cooking something (pots, etc.)
24 usap	mapag-...		-an	mapag-usapan	to be able to talk about
25 isda	pang-....		-an	pangisdaan	to be able to fish from
26 guhit	ipang-			ipanguhit	to use for drawing
27 linis	ipag-			ipaglinis	to clean for somebody
28 lungkot	ika-			ikalungkot	to cause to be sad
29 hina	ikapang-			ikapanghina	to cause to become weak
30 pasyal			-an	pinasyalan	to visit a person / place
31 punta			-han	pinuntahan	to go to a person/ place
*di-karaniwan					

3). *Pagbabanghay ng Pandiwa*

Pansinin ang mga sumusunod na mga kadaglatan.

SU = Salitang-ugat PU = Pautos

PH = Panghinaharap

PL = Panlapi

PN = Pangnakaraan

PW = Pawatas

PK = Pangkasalukuyan

* di karaniwan

SU	PL	PW	PU	PN	PK	PH
1 alis	um-	umalis	umalis	umalis	umaalis	aalis
2 basa	-um-	bumasa	bumasa	bumasa	bumabasa	babasa
3 aral	mag-	mag-aral	mag-aral	nag-aral	nag-aaral	mag-aaral
4 sulat	mag-	magsulat	magsulat	nagsulat	nagsusulat	magsusulat
5 tulog	ma-	matulog	matulog	natulog	natutulog	matutulog
6 huli	mang-	manghuli	manghuli	nanghuli	nanghuhuli	manghuhuli
7 pulot	mang-(p)	mamulot	mamulot	namulot	namumulot	mamumulot
8 bili	mang-(b)	mamili	mamimili	namili	namimili	mamimili
9 tahi	mang-(t)	manahi	manahi	nanahi	nananahi	mananahi
10 suntok	mang-(s)	manuntok	manuntok	nanuntok	nanununtok	manununtok
11 kurot	mang-(k)	mangurot	mangurot	nangurot	nangungurot	mangungurot
12 ligaw	mang-/man-	manligaw	manligaw	nanligaw	nanliligaw	manliligaw
13 gamit	-in	gamitin	gamitin	ginamit	ginagamit	gagamitin
14 sabi	-hin	sabihin	sabihin	sinabi	sinasabi	sasabihin
15 kuha	-nin	kunin*	kunin	kinuha	kinukuha	kukunin
16 turo	i-	ituro	ituro	itinuro	itinuturo	ituturo
17 dilig	-an	diligan	diligan	diniligan	dinidiligan	didiligan
18 pinta	-han	pintahan	pintahan	pinintahan	pinipintahan	pipintahan
19 puno	-an	punan*	punan	pinunan	pinupunan	pupunan
20 kita	maka-	makakita	-	nakakita	nakakikita	makakikita
21 laro	makapag-	makapaglaro	-	nakapaglaro	nakapaglalaro	makapaglalaro
22 tapon	ipa-	ipatapon	ipatapon	ipinatapon	ipinatatapon ipinapatapon	ipatatapon ipapatapon
23 luto	pag-...-an	paglutuan	paglutuan	pinaglutuan	pinaglulutuan pinapaglutuan	paglulutuan papaglutuan
24 usap	mapag-... -an	mapag-usapan	-	napag-usapan	napag-uusapan napapag-usapan	mapag-uusapan mapapag-usapan
25 isda	pang-..... -an	pangisdaan	pangisdaan	pinangisdaan	pinangingisdaan pinapangisdaan	pangingisdaan papangisdaan
26 guhit	ipang-	ipanguhit	ipanguhit	ipinanguhit	ipinanguguhit ipinapanguhit	ipapanguhit ipanguguhit
27 linis	ipag-	ipaglinis	ipaglinis	ipinaglinis	ipinaglilinis ipinapaglinis	ipaglilinis ipapaglinis
28 lungkot	ika-	ikalungkot	-	ikinalungkot	ikinalulungkot	ikalulungkot
29 hina	ikapang-	ikinapanghina	-	ikinapanghina	ikinapanghihina	ikapanghihina
30 pasyal	-an	pasyalan	pasyalan	pinasyalan	pinapasyalan	papasyalan
31 punta	-han	puntahan	puntahan	pinuntahan	pinupuntahan	pupuntahan

PAGHAHAMBING NG IBA'T IBANG POKUS NG PANDIWA

Ang mga pangungusap na mayroong panandang asterisk (*) ang anyong madalas gamitin o piling anyo. Mga pokus: *Tagaganap, Layon, Ganapan, Tagatanggap, Kagamitan, at Sanhi*

1. a). Kumakanta si Kathleen ng `Dahil sa Iyo.'
 b). Kinakanta ni Kathleen ang `Dahil sa Iyo.'
2. a). Puwede kang sumulat ng report.
 b). Maaari mong sulatin ang report.
 c). Makakasulat ka ng report. *
 d). Maisusulat mo ang report. *
3. a). Puwede ka bang manghiram ng laptop para sa akin?
 b). Maaari mo ba akong ihiram ng laptop? *
 c). Puwede mo bang hiram ang laptop para sa akin?
 d). Maihihiram mo ba ako ng laptop? *
 e). Makakahiram ka ba ng laptop para sa akin?
4. a). Maglagay ka/kayo ng tubig sa baso. *
 b). Ilagay mo/ninyo ang tubig sa baso.
 c). Lagyan mo/ninyo ng tubig ang baso.
5. a). Hindi kami puwedeng magdala ng mabigat na bagay sa eroplano.
 b). Hindi namin maaaring dalhin ang mabigat na bagay sa eroplano.
 c). Hindi kami makakadala ng mabigat na bagay sa eroplano.
 d). Hindi namin madala ang mabigat na bagay sa eroplano.
6. a). Huwag kang magpasok niyan sa kuwarto. *
 b). Huwag mong ipasok iyan sa kuwarto.
 c). Huwag mong pasukan niyan ang kuwarto. (*bihirang gamitin*)
7. a). Pumapasyal si Roxanne sa plasa tuwing Linggo. *
 b). Namamasyal si Roxanne sa plasa tuwing Linggo *
 c). Pinapasyalan ni Roxanne ang plasa tuwing Linggo.
8. a). Kanino lumalapit si Riza kung may tanong siya?
 b). Sino ang nilalapitan ni Riza kung may tanong siya? *
 c). Saan lumalapit si Riza kung may tanong siya?
9. a). Nagbabasa ang nanay ng kuwento sa anak niya.
 b). Binabasahan ng nanay ng kuwento ang anak niya.
 c). Binabasa ng nanay ang kuwento sa anak niya.
10. a). Naghatid siya ng pagkain kay Eli.
 b). Ihinatid niya ang pagkain kay Eli.
 c). Hinatdan niya ng pagkain si Eli *

11. a). Magsusuot si Jeremy ng barong para sa piyesta. *
b). Isusuot ni Jeremy ang barong para sa piyesta.
c). Ipapampiyesta ni Jeremy ang barong.
12. a). Ginamit mo ba ang salamin ko sa pagbabasa?
b). Ipinambabasa mo ba ang salamin ko? *
13. a). Lutuin mo nga ang isda para sa akin.
b). Iluto mo nga ang isda para sa akin.
c). Ipagluto mo nga ako ng isda. * (walang `para sa akin')
d). Pakiluto mo nga ang isda para sa akin. *
14. a). Maaari ka bang magbigay ng balita sa Huwebes?
b). Puwede mo bang ibigay ang balita sa Huwebes? *
c). Makakabigay ka ba ng balita sa Huwebes?
d). Maibibigay mo ba ang balita sa Huwebes? *
15. a). Puwede akong mag-ayos nito.
b). Maaari kong ayusin ito.
c). Makakaayos ako nito.
d). Maaayos ko ito. *
16. a). Maaari bang maghulog ng sulat si Danielle mamaya?
b). Puwede bang ihulog ni Danielle ang sulat mamaya? *
c). Mahuhulog ba ni Danielle ang sulat mamaya?
d). Makakapaghulog ba ng sulat si Danielle mamaya?
17. a). Makiusap ka sa kanya na maghanap ng bahay para sa iyo sa La Jolla.
b). Makiusap ka sa kanya na hanapan ka ang bahay sa La Jolla.
c). Makiusap ka sa kanya na ihanap ka ng bahay sa La Jolla. * (walang `para')
d). Magpahanap ka sa kanya ng bahay sa La Jolla. * (walang `para')
18. a). Mangutang ka nga ng isang libo kay Ray para sa amin.
b). Umutang ka nga ng isang libo kay Ray para sa amin.
c). Iutang mo nga kami ng isang libo kay Ray. * (walang `para sa akin')
d). Utangan mo nga ng isang libo si Ray para sa amin.
19. a). Tumatawag si Idelle kay Jan linggo-linggo.
b). Tinatawagan ni Idelle si Jan linggo-linggo.
20. a). Natuwa si Andrea sa iyong pagdalaw sa UCSD.
b). Ikinatuwa ni Andrea ang iyong pagdalaw sa UCSD. *
21. a). Ikinaiinis ba niya ang sinabi mo? *
b). Nakakainis ba para sa kanya ang sinabi mo?
c). Naiinis ba siya sa sinabi mo?
d). Naiinis ba siya dahil sa sinabi mo?
22. a). Saan ka nagbalot ng mga pasalubong?
b). Saan mo ibinalot ang mga pasalubong?
c). Sino ang ipinagbalot mo ng mga pasalubong?

PANLAPING MAKANGALAN, MAKAURI, AT MAKADIWA

A. Panlaping Makangalan

Ginagamit ang mga ito sa pagbubuo ng mga pangngalang maylapi. Ang isang panlaping makangalan ay maaaring magkaroon ng higit sa isang kahulugan. Samakatuwid, ang iisang anyo ng panlapi ay maaaring ituring na higit sa isang morpema kung ito'y may higit sa isang kahulugan.

Ang gitling (-) sa unahan ng panlapi ay nagpapakitang ang panlapi ay ginagamit bilang *hulapi*; kapag nasa hulihan ito, ang panlapi ay ginagamit na *unlapi*; kapag nasa unahan at hulihan, ginagamit itong *gitlapi*. (Santiago & Tiangco: 2003)

1. *-an / -han* (1). Nagpapahayag ng kahulugang *lugar na pinaglalagyan* ng mga bagay na marami na isinasaad ng salitang-ugat.

sampayan basurahan aklatan

2. *-an / -han* (2). Nagpapahayag ng kahulugang *lugar na katatagpuan* ng mga bagay na marami na isinasaad ng salitang-ugat.

halamanan damuhan palaisdaan

3. *-an / -han* (3). Nagpapahayag ng kahulugang *lugar na kinatatamnan* ng mga bagay na marami na isinasaad ng salitang-ugat.

palayan lansonesan pinyahan

4. *-an / -han* (4). Nagpapahayag ng *kilos* at nakabubuo ng pangngalang ang kahulugan ay pook na *ginaganapan* ng kilos na isinasaad ng salitang-ugat.

kumpisalan sanglaan labahan

5. *-an / -han* (5). Nagpapahayag ng *kahulugang panahon* para sa sama-sama o maramihang pagganap sa isang kilos. sayawan anihan uwian

6. *-an / -han* (6). Nagpapahayag ng kahulugan ng isang *kasangkapan* o *bagay na ginagamit* para sa kahulugang isinasaad ng salitang-ugat.

saingan higaan tarangkahan

7. *-an / -han* (7). Nagpapahayag ng *tambingang kilos*.

bigayan sulatan takbuhan

8. *-in / -hin* (1). Nakabubuo ng pangngalang ngalan ng bagay na ang karaniwang gamit ay isinasaad ng salitang-ugat. aralin awitin bilihin

9. *-in / -in- / -hin* (2). Nagsasaad ng *relasyon* at nakabubuo ng pangngalang may kahulugang relasyon tulad sa isinasaad ng salitang-ugat.

inaanak amain kinakapatid

10. *in- / -in*. Tumutukoy sa *bagay na tumanggap ng kilos* o *hugis* na isinasaad ng salitang-ugat. nilitson sinampalok pinaksiw

11. *ka-*. Tumutukoy sa tao, hayop o bagay na *kasama sa bagay* o *diwang* isinasaad ng salitang-ugat. kalaro kaklase kasangkot

12. *ka-...-an / ka...-han* (1). Nakabubuo ito ng mga pangngalang nagsasaad ng *relasyong tambingan*. kabalitaan kabiruan katuksuhan

13. *ka...-an / ka...-han* (2). Nagsasaad ng *kabasalan* ng diwang isinasaad ng salitang-ugat. kasipagan kagandahan kalungkutan

14. *ka...-an / ka...-han* (3). Tumutukoy sa isang *pangkat ng tao, bagay o pook* na isinasaad ng salitang-ugat. kabisayaan kasundaluhan kapuluan

15. *ka...-an / ka...-han* (4). Nagsasaad ng *kasukdulan, pinakagitnang bahagi o kasagsagan ng pangyayari*. kapanganakan kabuwanan kalamigan

16. *mag-* (1). Nakabubuo ng *pangngalang may kailanang dalawahan*, na ang dalawang tao, hayop o bagay na tinutukoy ay may relasyon tulad sa isinasaad ng salitang-ugat. magpinsan magbalae magtiyo

17. *mag-* (2). Nagpapahayag ng kilos o bagay at nakabubuo ng *pangngalang tumutukoy sa taong ang gawain o hanapbuhay* ay ang kilos na isinasaad ng salitang-ugat. magbababoy mag-iisda maglalako

18. *mang-*. Tumutukoy *sa tao na ang gawain o hanapbuhay* ay ang kilos na isinasaad ng salitang-ugat. mangingisda manggagamot mangangaso

Ang *mang-* ay may mga kaibhan: *man-* at *mam-*:

manananggol mangangalakal mambobote

19. *pa-*. Tumutukoy sa isang *bagay na iniutos o ipinagagawa* sa ibang tao. pabili padala pabasa

20. *pá-...-an / pá-...-han* (1). Tumutukoy *sa lugar na ganapan* ng kilos at isinasaad ng salitang-ugat. páliparan pásugalan pámilihan

21. *pá-...-an / pá-...-han* (2). Tumutukoy *sa kilos na may pagpapaligsahan*. pábilisan páramihan páhabaan

22. *paki-*. Tumutukoy *sa bagay na ipinagagawa sa iba nang may pakiusap*. pakibigay pakiabot pakikuha

23. *pakiki-* (1). *Pagsali sa isang kilos o gawain*. pakikihukay pakikiani pakikisungkit

24. *páki-...-an / páki-...-han*. Nagsasaad ng *tambingang kilos*. pákiramdam pákialam

25. *pakikipag-*. *Pagsama o pagsali sa maramihang kilos*. pakikipaglaban pakikipaglaro pakikipaglamay

26. *pakikipag-...-an / pakikipag-...-han*. *Pagsama o pagsali sa kilos na tambingan at maramihan*. pakikipagsuntukan pakikipagsabunutan pakikipagtakbuhan

27. *pag-* (1). Tumutukoy sa *paggawa sa kilos na isinasaad ng salitang-ugat*. [*pag-* galing sa pandiwang *-um*.] pagtulong pag-akyat pagtawag
28. *pag-* (2). Tumutukoy sa *matindi o puspusang pagkilos*.
paghihintay pag-aalis pag-iiyak
29. *pag-...-an / pag-...-han* (1). Nagsasaad ng *tambingang kilos, galaw, saloobin*, atbp.
pagbubuntalan pag-aawayan pagtatampuhan
30. *pag-....-an / pag-....-han* (2). Nagpapahayag ng *pagpapanggap o paggaya* sa isinasaad ng salitang-ugat.
pagpupulis-pulisan paglulutu-lutuan pagtitinda-tindahan
31. *pagka-*. Tumutukoy sa *katangian o pag-uugali ng isang tao, hayop o bagay*.
pagkaselesa pagkababae pagkasugapa
32. *pagká-*. Tumutukoy sa *paraan ng pagganap* sa kilos ng salitang-ugat.
pagkágawa pagkágupit pagkátawag
pagkakágawa pagkakágupit pagkakátawag
33. *palá-...-an / palá-...-han*. Nagsasaad ng *kilos o bagay na may sinusunod na isang pamamaraan o sistema*. palábantasan palábanghayan palábaybayan
34. *pang- / pam- / pan-*. Nagsasaad ng *kagamitan o kaukulan* ng isang bagay.
pangwalis pambahay pansuklay
35. *sang- / sam- / san-*. Nagsasaad ng kabuuan, galing sa salitang *isang*.
sang-angaw sambuwan sandaan
36. *sang-...-an / sang-...-han*. Nagsasaad din ng *kabuuan* (ang *sang-* ay galing din sa *isang*). Sangkakristiyanuhan sambahayan Santakrusan
37. *tag-*. Nagsasaad ng *panahon*. taglagas tag-araw tagtuyot
38. *taga-* (1). Tumutukoy sa *taong nanggaling o naninirahan sa pook* na isinasaad ng salitang-ugat. taga-San Diego taga-Baguio taganayon
39. *taga-* (2). Nagpapahayag ng kilos at nakabubuo ng pangngalang ang tinutukoy ay *taong ang gawain ay ganapin ang kilos* na isinasaad ng salitang-ugat.
tagabantay taga-ulat tagatawag
40. *tagapag-*. Tumutukoy din sa taong ang gawain ay *ganapin ang kilos* na isinasaad ng salitang-ugat. tagapagbalita tagapagsalita tagapagmasahe
41. *tagapagpa-*. Tumutukoy sa *taong gumaganap para sa iba ng gawaing* isinasaad ng salitang-ugat. tagapagpaganap tagapagpahayag tagapagpayo
42. *talá-...-an / talá-...-han*. Nagsasaad ng *maayos na pagkakahanay o pagkakatala*.
taláarawan taláhulugan talásalitaan

B. Panlaping Makauri [Ginagamit ang mga ito sa pagbubuo ng mga pang-uri]:

1. *ma-*. Nagpapahayag ng pagkakaroon ng isinasaad ng salitang-ugat. Karaniwang marami ang isinasaad ng salitang-ugat.

maputik mapera mabungangin

2. *maka-* (1). Nagpapahayag ng pagkiling o pagkahilig sa tinutukoy ng salitang-ugat.

makaluma maka-UCSD maka-Diyos

3. *maka-* (2). Nagpapahayag ng katangiang may kakayahang gawin ang isinasaad ng salitang-ugat.

makabagbag-puso makabagbag-damdamin makatindig-balahibo

4. *mala-*. Nagpapahayag ng pagiging tulad ng isinasaad ng salitang-ugat.

malagatas malakanin malauhog

5. *mapag-*. Nagpapahayag ng ugali.

mapagbintang mapagmalaki mapagkumbaba

6. *mapang-* / *mapan-* / *mapam-*. Nagpapahayag ng katangiang madalas gawin ang isinasaad ng salitang-ugat.

mapamahiin mapanlaban mapang-api

7. *pala-*. Nagpapahayag ng katangiang laging ginagawa ang kilos na isinasaad ng salitang-ugat.

palabiro palabasa palasimba

8. *pang-* / *pan-* / *pam-*. Nagpapahayag ng kalaanan ng gamit ayon sa isinasaad ng salitang-ugat.

panghukay pampatulog panluto

9. *-an* / *-han*. Nagpapahayag ng pagkakaroon ng isinasaad ng salitang-ugat nang higit sa karaniwang dami, laki, tindi, tingkad, atbp.

damuhan sugatan pulahan

10. *-ni-*. Nagpapahayag ng katangiang itinulad o ginagawang tulad sa isinasaad ng salitang-ugat.

inihaw sinigang pinaksiw

11. *-in/-hin*. Katangiang madaling maging mapasakalagayan ng isinasaad ng salitang-ugat.

antúkin himatayin ubúhin

12. *ma-...-in/-hin*. Nagpapahayag ng pagtataglay, sa mataas na antas, ng isinasaad ng salitang-ugat.

mahabagin maunawain matampuhin

C. Panlaping Makadiwa [Ginagamit ang mga ito sa pagbubuo ng mga pandiwa]:

1. *um-/um-*. Maaaring unlapi o gitlapi ang panlaping ito, ayon sa kung ano ang unang ponema ng salitang-ugat na nilalapan. [fokus sa tagaganap]

bumaha lumiit yumaman
tumae humilik suminga

2. *mag-* (1). Sa pagsulat, may gitling ang salitang inuunlapan kung nagsisimula sa patinig ang nasabing inuunlapan. [fokus sa tagaganap at pandiwang palipat]

mag-alis magbaba magtapon

18. *maipag-* (1). Hango rin sa *ma-*, at nagsasaad ng pagpapagawa sa iba ng kilos na tinutukoy ng salitang-ugat. [pokus sa tagatanggap]
maipagbayad maipagdala maipagsaing
19. *maipag-* (2). Hango rin sa *ma-*, at nagsasaad ng paggawa sa isang bagay ng kilos na tinutukoy ng salitang-ugat. [pokus sa tagaganap]
maipagkait maipaglunas maipaglaban
20. *maka-*. Hango rin sa *ma-*, at nagsasaad ng kakayahang gawin ang kilos na tinutukoy ng salitang-ugat. [pokus sa tagaganap] makabasa makalipad makalangoy
21. *maká-*. Hango rin sa *ma-*, at nagsasaad ng di-sinasadyang pagganap. [pokus sa tagaganap] makáalaala makábalita makábanggit
22. *makapag-*. Hango pa rin sa *ma-*, at nagsasaad ng kakayahang gawin ang kilos sa salitang-ugat. [pokus sa tagaganap]
makapagsalita makapaglakad makapagsuklay
23. *makapang-* /*makapan-* /*makapam-*. Hango rin sa *ma-*, at nagsasaad ng kakayahang gawin ang kilos na tinutukoy ng salitang-ugat. [pokus sa tagaganap]
makapanguha makapaniwala makapamingwit
24. *mapa-*. Hango rin sa *ma-*, at nagsasaad ng kakayahang magawa sa isang tao o bagay ang kilos na tinutukoy ng nilalapan. [pokus sa tagaganap]
mapasáma mapataba mapakain
25. *maki-*. Hango rin sa *ma-*, at nagsasaad ng pakiusap upang sumama sa ibang tao sa pagganap sa kilos ng pandiwa. [pokus sa tagaganap]
makipitas makilahok makiramay
26. *makipag-*. Hango rin sa *ma-*, at nagsasaad ng kilos na ginaganapan nang may kasama. [pokus sa tagaganap] makipag-ani makipagkaibigan makipagkita
27. *mang-* /*man-* /*mam-*. Kasingkahulugan at katulad ng *mag-* sa pokus, kaya lang ay may dagdag na kahulugang maramihang pagganap.
mangharang manira mambatikos
28. *mangag-*. Maramihang anyo ng *mang-*. Marami ang gumaganap sa kilos ng pandiwa.
mangagbasa mangag-alis mangagtanim
29. *-an* /*-han*. Nagsasaad na gawin sa isang tao, bagay, hayop o lunan ang kilos na tinutukoy ng nilalapan. [pokus sa ganapan]
lakihan butasan gandahan
30. *i-* (1). Nagsasaad ng paggamit sa isang bagay. [pokus sa kagamitan]
ihukay igupit iputol
31. *i-* (2). Nagsasaad na gawin para sa iba ang tinutukoy ng salitang-ugat. [pokus sa tagatanggap]
ikuwento ibalita ibigay

32. *i-* (3). Nagsasaad ng paggawa sa isang bagay ng kilos na nasa pandiwa.
[pokus sa layon]
ilagay iakyat ihanda
33. *-in /-hin*. Nagsasaad ng pagganap ng kilos sa simuno nito. [pokus sa layon]
bilangin tawagin bisitahin
34. *ipa-*. Nagpapahayag ng pagpapagawa sa iba ng kilos na tinutukoy ng salitang-ugat.
[pokus sa layon]
ipadala ipatahi ipatago
35. *ipaki-*. Kasingkahulugan at katulad ng ipa- sa pokus kaya lang ay may dagdag na kahulugang pakikiusap.
ipakisabay ipakikuha ipakibigay
36. *ipakipa-*. Katulad ng ipaki- sa pokus at ang kahulugang nakikiusap na ipagawa sa iba ang kilos ng pandiwa.
ipakipabili ipakipahulog ipakipalinis
37. *isa-*. Unlaping may kahulugang ilagay sa kalagayang nasa salitang-ugat ang simuno.
[pokus sa layon]
isaulo isa-Kastila isadula
38. *ka-...-an /-han*. May kahulugang gawin sa simuno ang kilos na nasa pandiwa. [pokus sa layon]
kayamutan kamuhian kagalitan
39. *pa-...-in /-hin*. May kahulugang gawing sa paksa o ipagawa sa simuno ang kilos na nasa pandiwa. [pokus sa layon]
paiyakin patakbuhan palaruin
40. *pag-...-an /-han*. May kahulugang gawin ang bagay o kilos sa paksa ng pandiwa.
[pokus sa ganapan]
pagtaguan pagtaniman pagpasyalan
41. *papag-...-an /-han*. May kahulugang pagawin ang isang tao ng kilos na tinutukoy ng salitang-ugat sa isang lugar o sa isang tao. [pokus sa ganapan]
papag-ihawan papagpulungan papagsampayan
42. *papag-...-in /-hin*. May kahulugang payagan o utusan ang tinutukoy sa paksa na gawin ang kilos na isinasaad sa salitang-ugat. [pokus sa direksyon]
papagtambalin papagmisahin papaglitisin
43. *paki-...-an /-han*. May kahulugang nakikiusap na gawin sa simuno ang kilos sa salitang-ugat. [pokus sa direksyon]
pakigupitan pakibawasan pakilinis

G. Pang-abay

1. **Katagang Pang-abay o Ingklitik** - tawag sa mga katagang isinasama sa pangungusap upang maging mas malinaw ang kahulugan nito. Narito ang mga katagang pang-abay o ingklitik:

- | | |
|-------------|-----------------|
| a). ba | j). yata |
| b). kasi | k). pala |
| c). kaya | l). tuloy |
| d). na | m). nga |
| e). sana | n). lamang/lang |
| f). daw/raw | o). man |
| g). din/rin | p). muna |
| h). naman | q). po |
| i). ho | r). pa |

H. Pangatnig - kataga o salitang nag-uugnay ng dalawang salita, parirala o sugnay na pinagsusunod-sunod sa pangungusap. May dalawang pangkat ang mga pangatnig: 1) ang mga nag-uugnay ng magkatumbas na yunit, at 2) ang mga nag-uugnay ng di- magkatumbas na yunit.

1. Sa pag-uugnay ng magkatumbas na yunit, ang mga sumusunod na pangatnig ang ginagamit: *at, pati, at saka, o, ni, ngunit, maging, atbp.*

Magandang asal ang pagtulong sa bahay at paggalang sa matatanda.

2. Sa pag-uugnay ng di-magkatumbas na yunit, ang mga sumusunod na pangatnig ang ginagamit: *kung, nang, bago, upang, kapag o pag, dahil sa, sapagkat, palibhasa, kaya, kung gayon, atbp.*

Bumalik ka nang maaga upang makasama ka sa amin.

I. Pang-ukol - kataga o salitang nag-uugnay sa isang pangngalan sa iba pang salita sa pangungusap. Ginagamit ito upang ipakita na ang isang tao, bagay, pook o pangyayari ay iniuukol sa isa pang tao, bagay, pook o pangyayari. Narito ang ilang pang-ukol:

- | | |
|----------------------|------------------------|
| 1). ng / ng mga | 6). ni / nina |
| 2). kay / kina | 7). para kay / sa |
| 3). tungkol kay / sa | 8). alinsunod kay / sa |
| 4). laban kay / sa | 9). ayon kay / sa |
| 5). ukol kay / sa | 10). hinggil kay / sa |

J. Pandamdin - kataga o pariralang nagpapahayag ng tiyak na saloobin o damdamin.

1). *Ay!* [nagsasaad ng pagkagulat, pagkasindak, buntong-hininga, pagkabahala, dalamhati] *Ay*, ang hirap ng buhay!

2). *Aba!* [nagsasaad ng pagkabigla, pagtataka] *Aba*, narito pala si Jojo!

- 3). *Aray! / Aruy!* [nagsasaad ng kiro, hapdi, paghihirap, pagtitiis]
Aray, masakit ang tiyan ko!
- 4). *Naku!* [nagsasaad ng pagkagulat, pagkatakot, pagkabalisa, kawalang
-paniniwala] Naku, may ahas sa palanggana! / Naku, nahuli siya!
- 5). *Sayang!* [nagsasaad ng panghihinayang, pagkalungkot]
Sayang, hindi tayo nanalo!
- 6). *Uy! / Ehem!* [nagsasaad ng pagbibiro, panunuya, panunukso]
Ehem, nakita ko kayo kagabi!
- 7). *Ha! / Ano!* [nagsasaad ng pagtataka, kawalang-paniniwala]
Ano, naholdap ka?
- 8). *Hoy!* [katagang ginagamit na panawag-pansin]
Hoy, halika rito!
- 9). *Sus! / Asus!* [nagsasaad ng panghahamak, kawalang-malasakit]
Sus, huwag mo akong pakialaman!
- 10). *Aha!* [nagsasaad ng pagkagulat, pagbibiro, panunukso]
Aha, nakita kong may iba kang kasama kagabi!
- 11). *Sige! / Oo nga! / Siyempre!* [nagsasaad ng pagsang-ayon]
Siyempre, sasama ako!
- 12). *Heh! / A, ganoon! / Buti nga!* [nagsasaad ng pagkayamot, pagkainis]
Buti nga sa iyo!
- 13). *Galing! / Suwerte!* [nagsasaad ng kasiyahan, kaluguran]
Ang galing mo talaga, pare!
- 14). *Bahala na! / Kahinamawari!* [nagsasaad ng kaalinlanganan]
Papasa ka kaya sa eksamen? Bahala na!
- 15). *Mag-ingat ka(yo)! / Kwidaw!* [nagsasaad ng pagbabala]
Mag-ingat ka sa daan, may asong nakawala riyan!
- 16). *Kawawa (ka) naman (naman kayo)!* [nagsasaad ng pagkabahala]
Kawawa naman ng batang tinamaan ng ligaw na bala!
- 17). *Siyanga / Talaga / Totoo (ba)?* [nagsasaad ng pagkagulat]
Dumating ang tatay mo. Siyanga ba?
- 18). *Este...* [nagsasaad ng pag-aalinlangan o pagbabantulot ng sasabihin]
Puwede bang humingi, este.... humiram ng pera sa iyo?
- 19). *Mabuhay!* [nagsasaad ng pagbati, pagsalubong nang malugod]
Mabuhay ang bagong kasal!

MGA GAMIT NG 'NG' AT 'NANG'

1. 'Ng'

a). as a direct object marker for common nouns (sometimes not rendered in English; if ever, as 'a/an' or 'the').

Bumili si Jan *ng* pulang bolpen kahapon.
 Jan bought *a* red ballpen yesterday.
 Magdidilig ang katulong *ng* mga halaman mamaya.
 The maid will water *the* plants later.
 Umiinom siya *ng* gatas sa umaga.
 She drinks milk in the morning.

b). as a possessive marker for common nouns and proper names of places ('of' in English).

Bago ang kotse *ng* kapitbahay namin.
 The car *of* our neighbor is new. / Our neighbor's car is new.
 Pumunta kami sa klinik *ng* doktor.
 We went to the clinic *of* the doctor. / We went to the doctor's clinic.
 Maganda ang hawla *ng* ibon.
 The cage *of* the bird is beautiful. / The bird's cage is beautiful.
 Ano ang punong-lungsod ng Malaysia?
 What is the capital *of* Malaysia? / What is Malaysia's capital?

c). as a receiver of a verbal action (in the object/goal focus) for common nouns of places and things ('by' in English).

Sinulat *ng* mga estudyante ang maikling kuwento.
 The short story was written *by* the students.
 The students wrote the short essay.
 Tinuklaw *ng* ahas ang biik.
 The piglet was bitten *by* the snake.
 The snake bit the piglet.
 Tinalo *ng* Brazil ang Alemanya sa putbol.
 Germany was defeated by Brazil in football.
 Brazil defeated Germany in football.

d). as a ligature/linker /-ng/ attached to a word that ends in a vowel (a necessary syntactic element in Filipino which, however, no English translation is rendered).

bago /-ng/ > bagong kotse = kotse /-ng/ > kotseng bago 'new car'

2. 'Nang'

a). as a marker at the beginning of a time adverb (adverbs that refer to a single point in time or to a period of time).

Nagtatrabaho	)	
Nagtrabaho	)	silang
Magtatrabaho	)	
They work	)	
worked	)	on (a) Sunday.
will work	)	

Darating kami nang alas tres. 'We will arrive at three o'clock.'

b). as a marker at the beginning of a manner adverb (may be equivalent to English adverbs ending in '-ly' – e.g., 'swiftly,' 'strongly' – or to various other English adverbial expressions).

Aalis sina Jeremy at Heidi *nang* maaga.
Jeremy and Heidi will leave early.
Kinuha ng pusa ang isda *nang* bigla.
The cat suddenly took the fish.
Lalabas tayo sa gusali *nang* isa-isa.
We'll go out of the building one by one.
Huwag kang sumagot *nang* ganyan.
Don't answer like that / that way.

c). as a marker at the beginning of a measurement adverb (occurring in a limited set of intransitive verbs of 'becoming': verbs express measurable changes).

Tumagal ang bagyo *nang* isang linggo.
The typhoon lasted one week.
Bumigat na siya *nang* sampung libra.
She has already gained (became heavier by) ten pounds.
Lumaki ang mga halaman *nang* limang pulgada.
The plants grew (became bigger by) five inches.

d). as a marker at the beginning of a time clause, like '*noon(g)*', which is equivalent to English 'when' clauses that refer to situations or actions confined to the past.

Umiyak si Janet *nang* ibalita ko sa kanya ang tungkol sa aksidente.
Janet cried *when* I told her (the news) about the accident.
Nang nasa Brunei sila, nakatira sila sa isang otel.
When they were in Brunei, they lived in a hotel.
Nang nag-aaral siya sa UCLA, mahal na ang matrikula.
When he was studying in UCLA, the tuition fees were already expensive.
Paalis na ang mga bisita *nang* dumating kami.
The visitors were about to leave *when* we arrived.
Hindi pa siya ipinanganak *nang* ideklara ang Batas Militar sa Pilipinas.
He was not born yet *when* Martial Law was declared in the Philippines.

e). as a coordinating conjunction plus one of the negators *hindi* (*di*) or *wala* are equivalent to certain uses of 'without' in English. (Clauses introduced by *nang* + *hindi* always have present and past verbal predicates. If the predicate verb is in the present tense, the English equivalent has 'without' plus the '-ing' form of a verb; if the verb is in the past tense, the English equivalent has 'without' + 'having' + a past participle).

Nahuhulaan ni Jay ang oras *nang hindi tumitingin* sa relo.
Jay is able to (can) guess the time *without looking* at the watch.
Natulog siya *nang hindi kumain* ng hapunan.
He slept *without having eaten* dinner.
Nagtapos sila ng pag-aaral nila *nang walang kahirap-hirap*.
They finished their studies *without having* any difficulty.

f). in repetitive verbal construction to (similar to the English construction in which two occurrences of a verb are linked by 'and').

Tumakbo *nang* tumakbo ang babae nang bumaba siya sa dyip.
The woman ran *and* ran when she got down from the jeep.
Kami ang tinawagan *nang* tinawagan ng mga magulang mo.
We're the ones whom your parents called *and* called.

g) in intensive [frequent or prolonged action] verbal construction (may also be translated by an English construction of the shape of 'keep ____ing,' or by a verb followed by an expression such as 'a lot,' 'continually,' 'repeatedly,' etc).

Naghihiyaw *nang* naghihiyaw ang bata. / Naghihiyaw ang bata.
The child kept on screaming (loudly).
Hiyaw *nang* hiyaw ang bata.
The child screams and screams (loudly).

h) before frequency adverbs: *madalas* (often), *minsang-minsang* (sometimes), *paminsang-minsang* (occasionally); a cardinal number + linker + *beses* or *ulit* (times); a frequentative numeral (cardinal number + *beses/ulit*).

	) madalas.
	) minsang-minsang.
Pumunta si Pamela sa gym <i>nang</i>	) paminsang-minsang.
	) tatlong beses/ulit.
	) makaapat (na beses/ulit).
	) often.
	) sometimes.
Pamela went to the gym	) occasionally.
	) thrice.
	) four times.

i) in some clauses and phrases like: '(mag)buhat / (mag)mula nang,' 'nang (buong)...', 'nang kaunti'; 'nang mga...'; 'nang makalampas ng' or 'nang pasado'.

1. Phrases consisting of *nang* + an expression of clock time are translated by 'at' in English; those consisting of *nang* + a date are translated by 'on' in English.

<i>nang</i> alas otso	- at 8:00 o'clock
<i>nang</i> ika-5 / a 5 ng Mayo	- on the 5 th of May

2. Phrases consisting of *nang makalampas ng* or *nang pasado* + an expression of clock time are translated by 'after' in English.

<i>nang</i> makalampas ng	ala una	- after 1:00 o'clock
<i>nang</i> pasado		

3. Phrases in which *nang* is followed by *buong* (buo 'whole') are equivalent to English time phrases that begin with 'all': e.g., *nang buong umaga* (all morning), *nang buong maghapon* (all day – from sunrise to sunset), *nang buong magdamag* (all night – from sunset to sunrise), *nang buong linggo* (all week), *nang buong taon* (all year).

He worked all morning.

He worked all night.

- Since Dindo was young, he has wanted to become a soldier.

Since you left, he doesn't want to study anymore.

- The children are somewhat afraid.

Your goods (things that you sell) are rather expensive.

Why are you somewhat oversensitive (easily angered by jokes) today?

- Mark is always practicing so that he might (be able) to get a prize.

D. SEMANTIKA

Pag-aaral ito ng katangian, kayarian at lalo na ng pagbabago-bago ng mga kahulugan ng mga salita.

Mga Talinghaga

Narito ang mga halimbawa ng iba't ibang uri ng talinghaga (Dillague: 2005):

- 1) Simili. Ang simili ay tahasang paghahambing ng dalawang bagay na magkaiba ng uri. Ginagamitan ito ng mga salitang para, gaya, tulad, kawangis, atb.
Para ng malamang lumaki sa tubig,
Daho'y nalalanta munting di madilig
Ikinaluluoy ang sandaling init,
Gayon din ang pusong sa tuwa'y maniig.
- F. Balagtas, *Florante at Laura*
- 2) Metapora. Ang metapora ay pahiwatig na paghahambing sa dalawang bagay na magkaiba ng uri.
Talaga, katoto, lubhang mahiwaga ang palad ng tao
Buhol ng tadhanang walang makakalag na kahit na sino.
- R. Alejandro, "Ang Palad ng Tao"
- 3) Metonomiya. Ang metonomiya ay paggamit ng isang salitang pinapalitan ng iba na ipinahihiwatig ng una.
Sa ngalan ng Hari ay isinambulat
Gayong ordeng mula sa dibdib ng sukab.
- F. Balagtas, *Florante at Laura*
- 4) Sinekdoke. Ang sinekdoke ay isang uri ng metonomiya, ngunit ang ginagamit ay bahagi sa halip ng kabuuan o kaya'y ang kabuuan sa halip na bahagi.
At ang baling bibig na binubukalan
Ng sabing magaling at katotohanan,
Agad binibiyak at sinisikangan
Ng kalis ng lalong dusting kamatayan.
- F. Balagtas, *Florante at Laura*
- 5) Pangitain. Ang pangitain ay mga larawan, imahen, o palatandaang nakikita sa isip.
Sa sinapupunan ni Konde Adolfo
Aking natatanaw si Laurang sinta ko!
- F. Balagtas, *Florante at Laura*
- 6) Taguri. Ang taguri ay patalinghagang pagtukoy sa isang tao upang ipahiwatig ang katangian nito.
Bulaklak poi to ng lupang Tagalog
Kapatak ng luhan pangala'y kampupot.
- Jose C. de Jesus, "Bulaklak ng Lahing Kalinis-linisan"

- 7) Iperbole. Isang labis na pagpapahayag ngunit may kabuluhan at walang hangaring manlinlang.

Bininit sa busog ang nakakatulad
Ng tulin n gaming daong sa paglayag.

- F. Balagtas, *Florante at Laura*

- 8) Paggamit ng

- a. Pandamdam na pananalita

O taksil na pita sa yama't mataas!
O hangad sa puring hanging lumilipas!
Kayo ang dahilan ng kasama'ng lahat.
At niring nasapit na kahabag-habag.

- F. Balagtas, *Florante at Laura*

- b. Oxymoron o pinagsamang magkasalungat na pananalita

Kung babayaan mong ako ay mabuhay
Yaong kamatayan dagli kong kakamtan.
Datapwa't pag ako'y minsanang pinatay.
Ang buhay kong ingat lalong magtatagal.

- Palaisipan/Karunungan-bayan

- c. Apostrophe o panawagan

Sa sinapupunan ng Konde Adolfo'y
Aking natatanaw si Laurang sinta ko,
Kamataya'y nahan ang dating bangis mo
Nang din a damdamin ang hrap na ito.

- F. Balagtas, *Florante at Laura*

- d. Pabaligtad na ayos ng pangungusap

Sa pagkagapos ko'y gunigunihin
Malamig nang bangkay akong nahihimbing.

- F. Balagtas, *Florante at Laura*

- e. Pag-uulit sa isang salita upang magkabisa gaya ng alingawngaw

Matay ko man yatang pigili't pigilin
Pigilin ang sintang sa puso, tumiim,
Tumiim na sinta'y kung aking pawiin
Pawiin ko'y tantong kamatayan na rin.

- Jose de la Cruz (Huseng Sisiw)

- 9) Aliterasyon. Ang aliterasyon pag-uulit-ulit ng tunog ng isang katinig na ginagamit sa magkakalapit na salita o pantig.

Sa sinayaw-sayaw at hinalik-halik sa aking paanan
Titik kang masigla ng lumang talindaw.

- T. A. Agoncillo, *Sa Dalampasigan*

- 10) Asonansiya. Ang asonansiya ay pag-uulit ng tunog ng isang patinig sa halip na katinig.

Ang buhay ng tao at sa taong palad
Nasa ginagawa ang halaga't bigat,
May mga mayaman na dapat umiyak
At may dukha namang magalak ang dapat;
May mangmang na laging ang mata ay dilat
At mayro'ng marunong na lagi nang bulag.

- Jose G. Katindig, *Ang Buhay ng Tao*

- 11) Onomatopeya. Ang onomatopeya ay pagkakahawig ng tunog ng salita at ng diwa nito. Dalawa ang uri nito:

a. Tuwirang onomatopeya

Ikaw'y iniluwal ng baha sa bundok
Hahala-halakhak at susutsut-sutsot.

- D. T. Mamaril, *Ang Agos*

b. Pahiwatig na onomatopeya

Ang suot ay puti'y may apoy sa bibig
Sa buong magdamag ay di matahimik,
Ngunit ang hiwagang di-sukat malirip
Kung bakit sa gabi lamang mamamasaid;
Kung araw, ang tao, kahit magsaliksik
Ang matandang ito'y hindi raw masilip,
Ngunit pagdilim na't ang gabi'y masungit
Ano't ang simbahan ay lumalangitngit?

- F. Collantes, *Ang Lumang Simbahan*

MGA SAWIKAIN

1. agaw-buhay	- naghihingalo (between life and death)
2. alilang-kanin	- utusang walang sweldo, pagkain lang (helper with no income)
3. anak-pawis	- magsasaka, manggagawa (farmer, laborer)
4. anak-dalita	- mahirap (poor, indigent)
5. balat-kalabaw	- hindi tinatablan ng hiya (insensitive, shameless person)
6. balat-sibuyas	- maramdamin (oversensitive person)
7. balik-harap	- mabuti sa harapan, taksil sa likuran (double-faced person)
8. balitang-kutsero	- hindi totoong balita (rumor)
9. bantay-salakay	- taong nagbabait-baitan (opportunist)
10. basag-ulo	- gulo, away (chaos, fight)
11. bukal sa loob	- taos-puso, tapat (sincere person)
12. bukambibig	- madalas na sinasabi (favorite expression, topic)
13. bukas ang palad	- matulungin (helpful)
14. bugtong na anak	- nag-iisang anak (the only child)
15. bungang-araw	- sakit sa balat (prickly heat)
16. bungang-tulog	- panaginip (dream)
17. butas ang bulsa	- walang pera (poor, penniless)
18. buto't balat	- payat na payat (very skinny)
19. daga sa dibdib	- takot (worry, fear)

20. dalawa ang bibig - mabunganga (nagger, talkative)
21. dalawa ang mukha - balik-harap (deceptive person)
22. di makabasag-pinggan - mahinhin (very modest person)
23. di mahulugang-karayom - maraming tao (overcrowded place)
24. ginintuang puso - magandang kalooban (kind-hearted)
25. haligi ng tahanan - ama (father)
26. hampas-lupa - lagalag, busabos (bum, vagabond)
27. isang kahig, isang tuka - taong di gagawa, di kakain (hand-to-mouth existence)
28. ilaw ng tahanan - ina (mother)
29. isulat sa tubig - kalimutan (to forget about it forever)
30. itaga sa bato - tandaan (to remember something forever)
31. kabiya ng dibdib - asawa (spouse)
32. kalapating mababa ang lipad - babaeng may mahalay na hanapbuhay (prostitute)
33. kapilas ng puso/dibdib - asawa (spouse)
34. kikap-mata - sa isang iglap, sandali (in a flash, instant)
35. kumukulo ang dugo - nagagalit (furious)
36. kusang palo - sariling sipag (initiative)
37. lumagay sa tahimik - mag-asawa (to get married)
38. lumaki ang ulo - yumabang (someone who became arrogant)
39. maaliwalas ang mukha - masayahin (joyful person)
40. maanghang ang dila - bastos magsalita (vulgar person)
41. mababa ang loob - maawain (compassionate)
42. mababaw ang luha - iyakin (one who cries easily)
43. mabigat ang kamay - tamad magtrabaho (lazy)
44. mabigat ang loob - di makagiliwan (a person with whom one could not get along)
45. mabilis ang kamay - mandurukot (a snatcher, pickpocket)
46. madilim ang mukha - taong simangot (person with sullen look)
47. magaan ang kamay - madaling manakit (one who easily hits another person)
48. magdilang anghel - magkatotoo sana (to wish that what's been said will come true)
49. magsunog ng kilay - mag-aral ng husto (to study diligently)
50. mahaba ang buntot - laging nasusunod ang gusto (spoiled brat)
51. mahabang dulang - kasalan (wedding)
52. mahangin ang ulo - mayabang (boastful)
53. mahapdi ang bituka - nagugutom (hungry)
54. mahina ang loob - duwag (coward)
55. mainit ang ulo - pangit ang disposisyon (in bad mood)
56. maitim ang budhi - masama ang ugali (bad character)
57. maitim ang dugo - salbahe (evil person)
58. makalaglag-matsing - nakakaakit (enchanted look)
59. makapal ang bulsa - maraming pera (rich)
60. makapal ang mukha - walang-hiya (shameless)
61. makapal ang palad - masipag (industrious, hardworking)
62. makati ang dila - madaldal (talkative)
63. makati ang paa - mahilig sa gala (one who is fond of going places)
64. makitid ang isip - mahinang umunawa (narrow-minded)
65. makuskos-balungos - mareklamo (hard to please, always complaining)
66. malakas ang loob - matapang (strong-willed, daring)
67. malamig ang ulo - maganda ang sariling disposisyon (in good mood)
68. malawak ang isip - madaling umunawa (broad-minded)
69. malikot ang kamay - kumukuha ng hindi kanya (one who steals things)

70. manipis ang mukha - mahiyain (shy)
71. mapurol ang utak - bobo (dumb, stupid)
72. maputi ang tainga - kuripot (miser, stingy)
73. masama ang loob - nagdaramdam (one with ill-feelings against someone)
74. mataas ang lipad - mayabang (snobbish, arrogant)
75. matalas ang dila - masakit mangusap (one who talks offensively)
76. matalas ang mata - madaling makakita (sharp-eyed)
77. matalas ang tainga - madaling makarinig (one who easily hears the news)
78. matalas ang ulo, utak - matalino (intelligent)
79. matigas ang buto - malakas (strong person)
80. matigas ang katawan - tamad (lazy person)
81. matigas ang leeg - mapagmataas (snobbish person)
82. matigas ang ulo - ayaw makinig sa utos o pangaral (stubborn)
83. matamis ang dila - mahusay mangusap, bolero (a fast talker)
84. may krus ang dila - nakapanghuhula (one who could foretell an event)
85. may ipot sa ulo - taong pinagtaksilan ng asawa (person cheated by his/her spouse)
86. may magandang hinaharap - may magandang kinabukasan (one with bright future)
87. may sinasabi - mayaman, may likas na talino (a wealthy person, a talented person)
88. nagbabatak ng buto - nagtatrabaho ng higit sa kinakailangan (one who works hard)
89. nagbibilang ng poste - walang trabaho (someone who is jobless)
90. nagbukas ng dibdib - nagtapat na nais pakasalan ang nobya (a man who proposes)

91. nagpupusa - nagsasabi ng mga kuwento ukol sa isang tao (telling on somebody)
92. nakahiga sa salapi - mayaman (rich)
93. nakapinid ang tainga - nagbibingi-bingihan (one who plays deaf)
94. namamangka sa dalawang ilog - salawahan (a person who is unfaithful)
95. namuti ang mata - nainip sa kahihintay (impatient of waiting)
96. ningas-kugon - hindi pangmatagalan (not lasting, show-off)
97. pagkagat ng dilim - paglubog ng araw (twilight)
98. pag-iisang dibdib - kasal (wedding)
99. panis ang laway - taong hindi palakibo (a very quiet person)
100. pantay ang mga paa - patay na (one who just died)
101. patay-gutom - matakaw (glutton)
102. patay-patay - mabagal kumilos (sluggish)
103. pulot-gata - pagtatalik ng bagong kasal (honeymoon)
104. pusong-bakal - hindi marunong magpatawad (unforgiving)
105. putok sa buho - anak sa labas (child out of wedlock)
106. sakit ng ulo - nagbibigay ng problema (troublesome)
107. saling-pusa - pansamantalang kasali (temporarily included in a game or work)
108. samaing-palad - malas na tao (unlucky person)
109. sampay-bakod - taong nagpapanggap (pretentious person)
110. sampid-bakod - nakikitira (someone who is privileged to lodge/board for free)
111. sanga-sangang dila - sinungaling (a liar)
112. sariling pugad - sariling tahanan (one's own home)
113. taingang kawali - nagbibingi-bingihan (one who plays deaf)
114. takaw-tulog - mahilig matulog (lazy person who always wants to stay in bed)
115. takipsilim - paglubog ng araw (twilight)
116. talusaling - manipis ang balat (very sensitive person)
117. talusira - madaling magbago (person who easily changes)
118. tatlo ang mata - maraming nakikita, mapaghanap ng mali (fault-finder)
119. tawang-aso - nangmamaliit (person who sneers)

120. tulak ng bibig - salita lamang, hindi tunay sa loob (insincere words)
 121. utak-biya - bobo, mahina ang ulo (stupid, brainless)
 122. utang na loob - pasasalamat (debt of gratitude)
 123. walang-hanggan - walang kamatayan (immortal, forever)
 124. walang-kuwenta - walang halaga (unimportant, useless)
 125. walang-puso - walang habag, malupit (heartless)

MGA SALAWIKAIN

(Note: *Literal English translations are rendered for some, while others are based on implied meanings or corresponding English versions*).

1. Nasa Diyos ang awa, nasa tao ang gawa.
God proposes and man disposes.
2. Pag may tiyaga, may nilaga.
Patience will yield results.
3. Walang mahirap na gawa, pag dinaan sa tiyaga.
There is no difficult undertaking if done patiently.
4. Ang masama sa iyo, huwag mong gawin sa kapwa mo.
Treat others as you want to be treated.
5. Sa marunong umunawa, sukat ang isang salita.
To one who listens and understands, one explanation is enough.
6. Ang sakit ng kalingkingan, damdam ng buong katawan.
The pain in the little finger can be felt by the whole body.
7. Bawasan ang salita, dagdagan ang gawa.
Talk less, act more.
8. Walang tutong sa taong nagugutom.
Any food tastes good to a hungry person.
9. Ang pagsasabi ng tapat ay pagsasamang maluwat.
Forthrightness creates lasting friendships.
10. Ang panahon ay samantalain sapagka't ginto ang kahambing.
Time is gold.
11. Pag di ukol, di bubukol.
Things will not happen if they are not meant to be.
12. Ang kapalaran ko di ko man hanapin, dudulog, lalapit kung talagang akin.
My fate will come to me even without searching for it.
13. Ang kabutihan ng ugali ay lalong higit sa salapi.
A good character is better than money.
14. Pahiran mo muna ang sariling mantsa, bago mo punahin ang uling ng iba.
Before you criticize others, make sure you do not have the same faults.

15. Mas masakit ang sugat na katha ng dila.
Unkind words can hurt more than physical pain.
16. Hinuhuli ang isda sa bunganga; ang tao, sa salita.
A fish is caught by the mouth; a person by what he says.
17. Ang tapat na kaibigan ay higit pa sa kayamanan.
A faithful friend is more valuable than material riches.
18. Pag wala ang pusa, piyesta ang mga daga.
When the cat is away, the mice celebrate.
19. Ang hindi marunong lumingon sa pinanggalingan, di makararating sa paroroonan.
One who does not look back at where he came from, will not reach his destination.
20. Magsisi ka man at huli, wala nang mangyayari.
Don't cry over spilt milk.
21. Kapag may isinuksok, may madudukot.
When you save, you will have something when you need it.
22. Kung ano ang puno ay siyang bunga.
A tree will bear its own fruits.
23. Aanhin pa ang damo kung patay na ang kabayo?
What is the use of the grass if the horse is already dead?
24. Madaling tuwirin ang kawayan pag mura pa at di magulang.
It's easier to straighten a young bamboo plant than a mature one.
25. Sa isang pintong masarhan ay sampu ang mabubuksan.
For every door that closes, ten more will open.
26. Di man magmana ng salapi, magmana man lang ng mabuting ugali.
One need not inherit wealth provided he inherits good manners.
27. Magbiro ka na sa lasing, huwag lamang sa bagong gising.
You may pester a drunken person, but not one who just woke up.
28. Kung sino ang masalita ay siyang kulang sa gawa.
A man that talks too much accomplishes little.
29. Kung sino ang pumutak ay siyang nanganak.
He who cackled is the guilty party.
30. Tulak ng bibig, kabisig ng dibdib.
The mouth speaks the opposite of what the heart feels.
31. Matibay ang walis, palibhasa'y magkabigkis.
A broom is sturdy because its strands are tightly bound.

32. Ang tunay na kaibigan ay nakikita sa kagipitan.
A friend in need is a friend indeed.
33. Kung may itinatanim, may aanihin.
If you plant (a seed) and nurture it, you'll reap the harvest in the future.
34. Huli man daw at magaling ay naihabol din.
It is never too late to offer anything that is good.
35. Ang taong nagigipit, sa patalim kumakapit.
A desperate person will hold on to a knife's edge.
36. Ang kalusugan ay kayamanan.
Health is wealth.
37. Ang taong walang kibo, nasa loob ang kulo.
A person who is outwardly calm has anger raging inside.
38. Ang mabigat ay gumagaan kung pinagtutulungan.
A heavy burden is lightened if everyone helps.
39. Ubos-ubos biyaya, pagkatapos nakatunganga.
Spend lavishly and you end up with nothing.
40. Ang buhay ay parang gulong, minsan nasa ibabaw, minsan nasa ilalim.
Life is like a wheel, it has its ups and downs.
41. Ang hindi marunong magmahal sa sariling wika, daig pa ang malansang isda.
He who does not love his own language is worse than a smelly fish.
42. Ang umaayaw ay di nagwawagi, ang nagwawagi ay di umaayaw.
A quitter never wins, a winner never quits.
43. Pulutin ang mabuti, ang masama ay iwaksi.
Emulate what is good, discard what is bad.
44. Ang taong maganda ang asal, minamahal ng kasamahan.
A kind and good-mannered person is well-loved by those around him.
45. Ang taong mapagtanong ay madaling dumunong.
A person who asks, learns more quickly.
46. Ang pili ng pili, natatapat sa bungi.
One who is choosy could end up picking the worst.
47. Ano man ang gawa at dali-dali ay hindi iigi ang pagkakayari.
Haste makes waste.
48. Mainam na ang pipit na nasa kamay kaysa lawing lumilipad.
A bird in a hand is worth two in a bush.
49. Mas malakas ang bulong sa sigaw.
A soft gentle request has more power than a loud command.

50. Aanhin mo ang palasyo, kung ang nakatira ay kuwago.
Mabuti pa ang bahay kubo, ang nakatira ay tao.
*The house does not make a man.
Even a palace is nothing if those who live in it don't have etiquette.*
51. Lalong gaganda ang kinabukasan kung tayo ay may pinag-aralan.*ves a better future*
Education gives a better future.
52. Pagkapawi ng ulap, lumilitaw ang liwanag.
Behind the cloud is a silver lining.
53. Ang pag-aasawa ay hindi biro, di tulad ng kaning iluluwa kung mapaso.
Marriage isn't a joke. It isn't like food that you can spit out when it's too hot to chew.
54. Walang manloloko kung walang magpapaloko.
There will be no cheater if no one allows himself to be cheated.
55. Habang maikli ang kumot, matutong mamaluktot.
Try to make ends meet.
56. May tainga ang lupa, may pakpak ang balita.
The earth has ears, news has wings.
57. Kung ano ang tugtog ay siyang sayaw.
Dance with the music.
58. Huwag kang magtiwala sa di mo kakilala.
Never trust a stranger.
59. Ang taong walang pilak ay parang ibong walang pakpak.
A person who has no money is like a bird without wings.
60. Walang matigas na tinapay sa mainit na kape.
No bread is too hard for hot coffee.

[*Source: Atilio V. Alicia. *Filipino Linguistic Analysis (Reader)*. Imprints – UCSD
Bookstore: La Jolla, California, 2007]

~ END OF NOTES ~

* TINGNAN ANG MGA PAGSASANAY SA IBABA *
--

REFERENCES

- Alicio, Atilio V. [2009]. *Advanced Filipino for Filipino Speakers (Reader)*. Imprints – UCSD Bookstore: La Jolla, California.
- Alicio, Atilio V. [2007]. *Filipino Linguistic Analysis (Reader)*. Imprints - UCSD Bookstore: La Jolla, California.
- Alicio, Atilio V. [2001]. *Language Phrases in English, Bahasa Melayu, Filipino, Spanish*. University of Malaya Press: Kuala Lumpur, Malaysia.
- Crystal, David. [1992]. *Dictionary of Language and Languages*. Penguin Books: England.
- Diaz-Rico, Lynne T. & Kathryn Z. Weed [1995]. *The Crosscultural, Language, and Academic Development Handbook: A Complete K-12 Reference Guide*. Allyn & Bacon: Massachusetts.
- Dillague, Nora M. et al. [Ikatlong Edisyon 2005]. *Sandigan, Ikaapat na Taon*. Phoenix Publishing House, Inc.: Quezon City, Philippines.
- Elgin, Suzette Haden [1979]. *What is Linguistics?* Prentice-Hall, Inc. New Jersey.
- Filipino Basic Course Notes* [1997]. Defense Language Institute Foreign Language Center: Presidio of Monterey, California.
- Fromkin, Victoria, Robert Rodman, & Nina Hyams [2003]. *An Introduction to Language*. Thomson & Heinle: United States of America.
- Fromkin, Victoria (Editor) [2000]. *Linguistics: An Introduction to Linguistic Theory*. Blackwell Publishers, Inc.: Malden, Massachusetts.
- Hartmann, R. R. K. & F. C. Stork [1976]. *Dictionary of Language and Linguistics*. Halsted Press Book: United Kingdom.
- Hudson, Grover [2000]. *Essential Introductory Linguistics*. Blackwell Publishers, Inc.: Malden, Massachusetts.
- Ramos, Teresita V. & Resty M. Cena [1990]. *Modern Tagalog*. University of Hawaii Press: Honolulu, Hawaii.
- Santiago, Alfonso O. & Norma G. Tiango [Binagong Edisyon 2003]. *Makabagong Balarilang Filipino*. Rex Bookstore: Manila, Philippines.
- Schachter, Paul & Fe T. Otanes [1972]. *Tagalog Reference Grammar*. University of California Press: Berkely & Los Angeles, California.
- Trudgill, Peter [2003]. *A Glossary of Sociolinguistics*. Oxford University Press Inc.: New York.
- Wardhaugh, Ronald [1993]. *Investigating Language: Central Problems in Linguistics*. Blackwell Publishers: United Kingdom.
- Website*: "http://en.wikipedia.org/wiki/Languages_of_the_Philippines"
- Website*: "http://en.wikipedia.org/wiki/Tagalog_language"

MGA PAGSASANAY

A. Bilugan ang letrang may salitang hindi kasama sa grupo.

- | | | | | |
|-----|--------------|--------------|---------------|--------------|
| 1. | a. saging | b. ubas | c. sibuyas | d. balimbing |
| 2. | a. akin | b. iyo | c. niya | d. kanila |
| 3. | a. buwig | b. kumpol | c. puno | d. lahi |
| 4. | a. ganda | b. busog | c. bait | d. pag-asa |
| 5. | a. isayaw | b. sinayaw | c. sumayaw | d. sayawin |
| 6. | a. umulan | b. bumaha | c. lumindol | d. kumulog |
| 7. | a. laruan | b. kainan | c. tulugan | d. lutuan |
| 8. | a. kaklase | b. diwata | c. pagbasa | d. dinuguan |
| 9. | a. pagtuturo | b. bulaklak | c. alaala | d. paruparo |
| 10. | a. sing-ikli | b. singhaba | c. singbait | d. singyaman |
| 11. | a. alinman | b. sinuman | c. inuman | d. anuman |
| 12. | a. kayo | b. ka | c. tayo | d. ikaw |
| 13. | a. siyanga | b. totoo | c. siguro | d. talaga |
| 14. | a. malalaki | b. masisipag | c. matatalino | d. mamamayan |
| 15. | a. ganda | b. payat | c. hinog | d. busog |
| 16. | a. sentro | b. simple | c. prito | d. kontra |
| 17. | a. nilapitan | b. nilapatan | c. nilipatan | d. nipalitan |
| 18. | a. binili | b. binigay | c. binalot | d. binasa |
| 19. | a. paa | b. palad | c. kamay | d. kuko |
| 20. | a. bulag | b. pilay | c. bingi | d. pipi |

B. Ibigay ang salitang-ugat ng salitang nasalungguhitan.

1. Ang mga paningit ay nagsisilbing pampahaba ng mga pangungusap.
2. Naminsala na naman ng mga panamin ang malakas na bagyo.
3. Ang opisina nila ang naatasang mamahagi ng mga pagkain at damit.
4. Padabog na tumindig si Gng. Morris at nakapamaywang.

5. Malinis at maganda ang kapaligiran sa Monterey.
6. Marami ang mga relikyo noong pananakop ng mga Kastila.
7. Kahanga-hanga ang tribung naninirahan sa bundok na iyon.
8. Maka-Pilipinong mamamayan si Mang Carding.
9. Paano mo hihikayatin ang mamimili upang gamitin ang iyong produkto?
10. Narito ako't nananahanan sa isang maikling panahon.
11. Naglabas ng isang magandang artikulo ang manunulat ng paaralan.
12. Ang lalaking napupusuan niya ay masalapi pala.
13. Ang batang nanalo sa paligsahan ay tumanggap ng gantimpala.
14. Ano nga ba ang mas mahalaga: kalusugan o karunungan?
15. Ito raw ang dapat paniwalaan dahil ito ang tama.
16. Wala silang ginawa kundi mamasyal sa iba't ibang pook.
17. Kilala mo ba ang namimintanang taong iyon?
18. Hindi sila nagkakalayo sa kilos, pananamit at iba pang bagay.
19. Lubhang taimtim sa loob ng binata ang panunuyo sa dalaga.
20. Maraming nanghihinayang sa kanyang maagang pagpanaw.
21. Lahat halos ng tao ay nakararanas ng kahirapan, di ba?
22. Matutulungan kaya sila ng panahalaan sa kanilang problema?
23. Salungguhan ang lahat ng panghalip sa buong sanaysay.
24. Nangangawit ba ang kamay mo sa pagsusulat araw-araw?
25. Kapansin-pansin ang kanyang pananabik na makita muli ang kapatid niya.

C. (T)ama o (M)ali?

- _____ 1. May ubo ikaw?
- _____ 2. Binigay ba ni Jerry ang regalo?
- _____ 3. Nakanino ang payong itim?
- _____ 4. Mayroon bang aalis kanina?
- _____ 5. Wala ba pasok samakalawa?

- _____ 6. Kumusta ka po?
- _____ 7. Nasaan siya pupunta?
- _____ 8. Mayroong bang mga bulaklak sa paso?
- _____ 9. Mga may langaw sa mesa.
- _____ 10. Sige, diyan na kayo.
- _____ 11. Tess, sina Charles ito, ang kaklase ko.
- _____ 12. Doktor itong kapatid niya.
- _____ 13. Si Angelo ang presidente ng samahan.
- _____ 14. Magkaklase ba sina Jay, Rey at Pearl?
- _____ 15. May nobyo nga si Liza.

- _____ 16. Mayroon ng ngipin ang sanggol.
- _____ 17. May maraming kendi sa kahon.
- _____ 18. Kasama na ba ninyo si tatay?
- _____ 19. Ilan kapatid mayroon ka?
- _____ 20. Mabango na bulaklak iyan.

- _____ 21. Mahirap ang buhay, ano?
- _____ 22. Malilinis ang daliri ng bata.
- _____ 23. Kanino salamin ito?
- _____ 24. Sa mesa mayroong mansanas.
- _____ 25. Mayroong ibon sa puno.

- _____ 26. Wala ba tayo pahinga mamaya?
- _____ 27. Wala rin kami klase ngayon.
- _____ 28. Riyan nakatira si Carmen.
- _____ 29. Mayroon nang klase sila samakalawa.
- _____ 30. Linggo ang unang araw ng linggo.

- _____ 31. Nasa ikalawa hanay si Menchie.
- _____ 32. Sabado ba sa dadating na araw?
- _____ 33. Pupunta kami sa isang malaking salo-salo.
- _____ 34. Mayroon ka pang pagkakataon maganda.
- _____ 35. Susulat siya sa iyo kamakalawa.

- _____ 36. Hulyo ang pangpitong buwan ng taon.
- _____ 37. Disyembre ang paborito kong buwan.
- _____ 38. Maganda sa kalusugan ang paglakad.
- _____ 39. Mabango ang pabango.
- _____ 40. Mabaho ang basura?

- _____ 41. Malaki sa akin ang pantalon na ito.
- _____ 42. Anong laman ng kahon na iyan?
- _____ 43. Maingay ba ang itong mga bata?
- _____ 44. Matatamis ang mga iyon, di ba?
- _____ 45. Ano ang mga iyon? Palagay ko, ibon iyon.
- _____ 46. Nasa ibabaw ng mesa ang dilaw bulaklak.
- _____ 47. Maalat nga ang prito isda.
- _____ 48. Ikaw po ba ang guro namin?
- _____ 49. Ang pagong mabagal ay natalo.
- _____ 50. Magkaibigan ba kayo nina Miko?

D. Ibigay ang tamang sagot.

1. (Nagkuwento, Magkuwento) siya tungkol sa buhay niya sa Pilipinas.
2. (Bumalik, Ibinalik) nila ang napulot na singsing sa bangketa.
3. Magkano ang (binayad, ibinayad) mo sa upa ng bahay?
4. (Pumasok, Nagpasok) pa rin si Rudy kahit huli na siya sa klase.
5. Kailangan mong (hihintayin, hintayin) sina Mara sa University Avenue.

6. Puwede bang kayo na lang ang (magluto, lutuin)?
7. Aalis (na po, po na) kami.
8. Ano po ba ang pangalan (ninyo, mo)?
9. (Kay, Sa) Sarah nga ang damit na iyon.
10. Sumuka si Lota nang (nagsakay, sumakay) siya sa eroplano.

11. (Tinanong, Nagtanong) sila sa mamang naglalakad.
12. Bukas ng gabi pa nga raw sila (luluto, magluluto), di ba?
13. Anong mga prutas (ng, ang) dapat nating kainin araw-araw?
14. (Masipag, Masisipag) din ang aking pinsang taga-Sacramento.
15. (Aalisin, Nag-alis) ni Nena ang tsinelas niya bago umakyat sa poste.

16. Amanda, ano uli ang (kukuhanin, kukunin) mo sa ilalim ng mesa?
17. (Tinawag, Tumawag) niya ang kanyang kaibigan kanina.
18. (Mayroon, Mayroong) pang sasabihin sa kanya si Philip.
19. (Umuwi, Iniuuwi) ang kuya namin sa probinsya kamakalawa.
20. Maaari bang (maghati, hatiin) ninyo ang keyk na iyan?

21. (Nagbababa, Bumababa) sila ng mabigat na kama tuwing hapon.
22. (Kumain, Kinain) si Hazel ng masarap na pagkain sa handaan.
23. Pang-ilan pala si Melissa sa (mag-anak, kamag-anak) niya?
24. Ano? Mayroon (ka, ikaw) pang gustong inumin?
25. Opo, mayroon (pa po, po pa).

26. Aling puno ang mas (mataas, matangkad)?
27. Mga turista raw ang dumating (kaninang, mamayang) umaga.
28. Luisa, (may, mayroon) ka bang pupuntahan bukas ng tanghali?
29. (Saan, Nasaan) matutulog ang pulubing iyon?
30. (Binabasa, Nagbabasa) si Vicky ng diyaryo tuwing umaga.

31. Kailan ka (humanda, naghanda) ng isusuot ng kapatid mo?
32. Dapat (bumili, bilhin) ni Ernie ang magasing ito, di ba?
33. (Pinapatay, Nagpapatay) ba sila ng manok sa palengke?
34. (Humanap, Hahanapin) pa nila ang nawawalang hikaw.
35. (Salubong, Salubungin) mo sila sa tapat ng Mall.

36. (Nag-alis, Inalis) namin ang mga basag na bote sa sahig.
37. (Naglalaro, Nilalaro) ng nanay ang kanilang bunsong anak.
38. (Magsalita, Nagsalita) si Grace sa harap ng mga kaklase niya.
39. (Mayroong, Mayroon) salu-salo ngayon sa bahay nina Alyssa.
40. Si Danny ba ang (tumayo, nagtayo) ng samahan ng mga estudyante?

41. (Inawit, Umawit) nina Myra at Jeremy ang `Dahil sa Iyo`.
42. (Pagluto, Pagluluto) ang hilig ni Mia.
43. Kailangan (ng, nang) magpahinga ang pasyente.
44. Gustung-gusto ni Julius ang lugar (na, ng) ito.
45. Ang tatay ang (tumira, nagtira) ng isdang bangus sa mesa.
46. (Maglalagay, Ilalagay) ni Monica ang tuyong dahon sa basurahan.
47. (Itinapon, Nagtapon) ng ale ang lumang telebisyon nila.
48. Si Alex ang (dinala, nagdala) ng ibang pagkain noong Biyernes.
49. (Niluto, Nagluto) na naman si Sheryl ng paborito niyang pagkain.
50. Bakit siya (humihingi, hinihingi) ng tulong sa iyo?

E. Bilugan ang letrang may salitang hindi kasama sa grupo.

- | | | | | |
|-----|--------------|----------------|--------------|-----------------|
| 1. | a. Pilipino | b. Kastila | c. Bisaya | d. Hapon |
| 2. | a. manunulat | b. mangingisda | c. mag-iisda | d. mamamalengke |
| 3. | a. magbiyahe | b. magbisita | c. maglaro | d. magtrabaho |
| 4. | a. lima | b. pangatlo | c. sampu | d. dalawa |
| 5. | a. mahangin | b. mauhaw | c. maulop | d. maulan |
| 6. | a. nilaga | b. silangan | c. kanluran | d. timog |
| 7. | a. bata | b. payat | c. mahal | d. ganda |
| 8. | a. buwanan | b. tauhan | c. arawan | d. lingguhan |
| 9. | a. kahapon | b. bukas | c. kanina | d. kagabi |
| 10. | a. Rizal | b. Bonifacio | c. Balagtas | d. Mabini |
| 11. | a. Recto | b. Quezon | c. Roxas | d. Aguinaldo |
| 12. | a. siya | b. ka | c. sila | d. nila |
| 13. | a. pinto | b. bintana | c. bakuran | d. sahig |
| 14. | a. kumain | b. sumulat | c. bumasa | d. umakyat |
| 15. | a. bibili | b. aalis | c. tanungin | d. sasayaw |
| 16. | a. masarap | b. mayaman | c. maasim | d. mapakla |
| 17. | a. malansa | b. malasa | c. mabango | d. mapanghi |
| 18. | a. laruin | b. sipain | c. kinain | d. lutuin |
| 19. | a. balitaan | b. ibabalita | c. ibinalita | d. ibalita |
| 20. | a. ng | b. ni | c. nina | d. nang |

- | | | | | |
|-----|---------------|---------------|---------------|---------------|
| 21. | a. huwag | b. hindi | c. bawal | d. kulang |
| 22. | a. sayawan | b. inuman | c. binyagan | d. larawan |
| 23. | a. taglamig | b. tag-init | c. tag-ulan | d. tagsibol |
| 24. | a. aklatan | b. paliparan | c. simbahan | d. laruan |
| 25. | a. gatas | b. serbesa | c. kape | d. tsokolate |
| 26. | a. magaan | b. malambot | c. magutom | d. mahina |
| 27. | a. aiskrim | b. karne | c. isda | d. gulay |
| 28. | a. kagabi | b. kanina | c. mamaya | d. kamakalawa |
| 29. | a. niya | b. siya | c. mo | d. ko |
| 30. | a. natulog | b. natutulog | c. nagtutulog | d. matutulog |
| | | | | |
| 31. | a. doon | b. roon | c. dito | d. noon |
| 32. | a. ubas | b. talong | c. mangga | d. pakwan |
| 33. | a. sa | b. kina | c. kay | d. sina |
| 34. | a. amin | b. atin | c. kanila | d. ninyo |
| 35. | a. bisita | b. upuan | c. lapis | d. papel |
| 36. | a. ka | b. kayo | c. ako | d. kanya |
| 37. | a. bilhin | b. ibili | c. binili | d. bibilhin |
| 38. | a. Makati | b. San Juan | c. Bataan | d. Las Piñas |
| 39. | a. pulis | b. kaibigan | c. guro | d. kusinero |
| 40. | a. kanin | b. karne | c. palay | d. bigas |
| | | | | |
| 41. | a. saan | b. nasa | c. nasaan | d. taga-saan |
| 42. | a. berde | b. itim | c. puti | d. pula |
| 43. | a. dapat | b. kailangan | c. sana | d. maaari |
| 44. | a. aamin | b. umamin | c. inamin | d. umaamin |
| 45. | a. labinsiyam | b. labingwalo | c. labinpito | d. labintatlo |

F. Ibigay ang wastong pandiwa.

1. (Umalis, Nag-alis) siya ng kanyang sapatos bago pumasok ng bahay.
2. (Tumawag, Nagtawag) ako sa kanila upang bumati noong Bagong Taon.
3. Sino ang (hahanda, maghahanda) ng maraming pagkain para sa kasalan?
4. (Nagpatay, Pumatay) ba sila ng baboy para sa piyesta?
5. (Uuwi, Mag-uuwi) ang nanay ng mga prutas galing sa Laguna.

6. Sino ang (nagbababa, bumababa) ng bandila tuwing hapon?
7. (Pumasok, Nagpasok) ang manedyer ng lima pang guwardiya sa kompanya.
8. Kami raw ang (sasalubong, magsasalubong) sa mga bisita sa paliparan.
9. Kailan (tatayo, magtatayo) ang alkalde ng bagong pabrika sa nayon?
10. (Nagtira, Tumira) ang tatay ng ulam na isda para sa mga anak nila.
11. (Nagsakay, Sumakay) si Tito ng isa pang pasahero sa dyip niya.
12. (Tumatabi, Nagtatabi) ang mga bata tuwing may dumaraang sasakyan.
13. Kailan ka (magpapalit, papalit) ng gulong ng kotse mo?
14. Anong oras kaya (aalis, mag-aalis) sila bukas?
15. (Umuuwi, Nag-uuwi) siya sa probinsiya tuwing Pasko.
16. Ayaw niyang (tumayo, magtayo) sa harap ng klase.
17. (Papasok, Magpapasok) na ba kayo sa darating na Lunes?
18. Ilang taon kayo (tumira, nagtira) sa Pilipinas?
19. (Nagsuka, Susuka) na naman ang pasyente kagabi.
20. (Sasama, Magsasama) ka ba sa amin mamayang gabi?

G. Ibigay ang nararapat na anyo ng pandiwa.

1. Gusto mo bang (kuha) natin itong pabango?
2. Siya ang (dala) ng pagkain samakalawa.
3. Punta tayo sa programa kasi (sayaw) si Karen doon.
4. (Hingi) ko ang tulong ng kapitbahay namin kagabi.
5. (Arkila) ni Allan ang maliit na bangka.
6. Gusto nilang (kain) ng pulutang kaldereta.
7. (Lagay) ng pulis ang baril niya sa loob ng bag.
8. (Hiram) si Dante ng timba sa kabahay niya kagabi.
9. (Sauli) ni Mariel ang biniling relo.
10. (Basa) ka ng leksyon mo para bukas.
11. Ano pa ang gusto nilang (sabi) sa atin?
12. (Tapon) ko na ang mga basag na baso't tasa kanina.
13. Sa Linggo pa ako (linis) ng banyo namin.
14. Gusto kong (dilig) ang mga halaman tuwing hapon.
15. (Tawag) natin ang batang iyon mamaya.
16. Ano naman ang (gawa) mo noong bakasyon?
17. Palagi kong (sulat) ang aking mga magulang.
18. Sardinas ang gusto kong (bukas).
19. (Punas) niya ng tuyong basahan ang mesa.
20. Ako lang ang (balik) sa probinsiya sa Linggo.

H. Ibigay ang nararapat na anyo ng pandiwang um-/um- o mag-.

- _____ 1. Hindi ka dapat (sakay) sa tumatakbong dyip.
- _____ 2. Saan (tayo) kagabi ang dumating na mga turista?
- _____ 3. (Tira) si Laika sa mga pinsan niya noong isang taon.
- _____ 4. (Handa) ka, sabi ni Martin sa kagalit niyang kapitbahay.
- _____ 5. (Patay) ba sila ng baka noong nakaraang piyesta?
- _____ 6. (Uwi) kanina ang kuya ng siopao mula sa isang handaan.
- _____ 7. Sino ang (baba) ng basura kaninang umaga?
- _____ 8. Kaya (tae) ang bata dahil sa masamang nakain niya.
- _____ 9. (Abot) si Gng. Perez ng mga damit at sardinas sa plasa.
- _____ 10. (Sakay) pa ba ng ilang pasahero ang drayber ng bus?
- _____ 11. (Salubong) sina Tonyo at Selya sa tindahan araw-araw.
- _____ 12. (Sakay) ba sila ng Amtrak patungong Irvine?
- _____ 13. Kami rin ang (tabi) ng ulam sa mesa kamakalawa.
- _____ 14. (Lipat) na sina Mang Fred ng mga kagamitan nila mamaya.
- _____ 15. Hindi ka dapat (tawid) ng riles kapag may dumaraang tren.
- _____ 16. Puwede raw kaming (tuloy) sa kanila kahit kailan.
- _____ 17. Kailangan mong (tabi) ng pera sa katapusan ng buwan.
- _____ 18. (Pasok) si Mandy ng isang bagong kaklase sa samahan nila.
- _____ 19. (Pasok) ang mga bisita sa kabilang pinto mamaya.
- _____ 20. Tayo ang (salubong) kina Rose sa istasyon ng bus kagabi.
- _____ 21. Hindi ko alam kung saan (suot) ang mga bata.
- _____ 22. Maysakit si Nida kaya (palit) sa kanya si Lanie.
- _____ 23. Gusto mo bang (alis) ngayon din?
- _____ 24. (Sama) ba ang ilang kaibigan mo kaninang tanghali?
- _____ 25. Kailan pala kayo (tira) sa bagong bahay ninyo?

- _____ 26. Noong Lunes ka ba (palit) ng medyas mo?
- _____ 27. Dapat ka bang (suot) ng kuwintas at relo sa iyong trabaho?
- _____ 28. (Alis) pala sila nang maaga kamakalawa, di ba?
- _____ 29. Noong isang araw (tawag) si Kelly para batiin ako.
- _____ 30. Ayaw ni Felix (labas) ng maraming pera sa kasino.
- _____ 31. Saan ka (sakay) mamaya pag-uwi mo?
- _____ 32. (Uwi) siya kaagad sa kanila pagkatapos ng eksamen.
- _____ 33. Bakit ayaw mong (bili) ng isda sa mag-iisdang iyan?
- _____ 34. (Sama) si Pearl sa mga kaibigan niya sa piknik kamakalawa.
- _____ 35. Anong oras ba (baba) ang eroplano kaninang umaga?

I. (T)ama o (M)ali?

- _____ 1. Si Jose ang kapatid niya?
- _____ 2. Tagahugas siya sa restawran.
- _____ 3. Lima ang mga libro niya.
- _____ 4. Mga sampung libro ang binili ko.
- _____ 5. Si Fatima ang anak ni Mariang masipag.
- _____ 6. Kilala niya si Ruth na mananahi.
- _____ 7. Si Jerry raw ang dadala ng pulutan mamaya.
- _____ 8. Mga sagot ko iyon.
- _____ 9. Kailangan mo pa bang lapis?
- _____ 10. Gusto niyang kumakain ng sinangag sa almusal.
- _____ 11. Nasaan ang kotse mo? Sa garahe namin.
- _____ 12. Nagtrabaho ang kuya namin sa pabrika.
- _____ 13. Kailangang lider si Juan.
- _____ 14. Nanggulat siya ng mga kaibigan niya.
- _____ 15. Huwag mo naman akong takutin.
- _____ 16. Bawal pala kumakain sa bus.
- _____ 17. Magpabigay ka ng pera kay Rosa kay Maria.
- _____ 18. Bakit pa hindi nagpapahinga ang bata?
- _____ 19. Kumain na tayo para makakarating tayo kaagad sa istayson.
- _____ 20. Nakanino ang sanggol?
- _____ 21. Bilisan mo para makaalis tayo ng maaga.
- _____ 22. Saan nga pala nagtrabaho ang kuya mo?
- _____ 23. Anong oras dadating ang mga kaibigan ni Cindy?
- _____ 24. Mag-iisda ba ang pinsan niya?
- _____ 25. Nagmamadali siyang nagbaba sa tulay.

- _____ 26. Sumuot siya ng tuxedo para sa kasalan.
- _____ 27. Ooperahin sa puso ang kapatid niyang bunso.
- _____ 28. May binigay ba siyang pasalubong sa iyo?
- _____ 29. Wala siyang ginawa kundi tumawa ng tumawa.
- _____ 30. Tingnan mo kung saan siya pupunta at sundin mo.
- _____ 31. Pahirin mo ang putik sa mukha niya.
- _____ 32. Bakit hindi mo subuking patakbuhan ang kotse?
- _____ 33. Ayaw mo bang kuhanin ang murang damit?
- _____ 34. Dala na niya ang lahat ng papel na pipirmahan.
- _____ 35. Totoo bang aalisan siya ng mana?
- _____ 36. Walisin mong mabuti ang bakuran.
- _____ 37. Aayusin namin iyan ngayon-ngayon din.
- _____ 38. May baong tinapá ang bata.
- _____ 39. Ayaw ng mga kapatid niya si Cesar.
- _____ 40. Huwag ninyo pitasin ang bubot pang bayabas.
- _____ 41. Magkaibigan pala sina Bert, Rey at Vic.
- _____ 42. Yari sa narra ang pinto ng kanilang bahay.
- _____ 43. Nakita mo ba ang mga nandurukot sa bus?
- _____ 44. Bibilhan ko ng matibay na kandado ang pinto.
- _____ 45. Pahiran mo ng mantekilya ang pandesal.
- _____ 46. Gagawin ko ang lahat nang ito para sa iyo.
- _____ 47. Anong gamot na pangtulog mayroon ka?
- _____ 48. Ayaw niyang haluin ang kanyang niluluto.
- _____ 49. Makabago na ngayon ang mga kabataan.
- _____ 50. Matatalino pala ang bagong klase nila.

J. Ibigay ang tamang `pokus' ng pandiwa: Tagaganap [T], Layon [L], Sanhi [S], Ganapan [G], Kagamitan [K], Tagatanggap [TG].

- _____ 1. Humingi ng payo si Jackie kay Kuya Mar tungkol sa kanyang problema.
- _____ 2. Pinagdalhan ng mga sugatan ang ospital sa nayon.
- _____ 3. Ipinagluto ng nanay ang kanyang mga bisita.
- _____ 4. Kumuha siya ng abogasya sa Unibersidad ng Pilipinas.
- _____ 5. Nasaan ang tindahang binibilhan mo ng alak?
- _____ 6. Ipinanghambalos niya sa aso ang hawak na patpat.
- _____ 7. Pinagsayawan ng cha-cha ng mga kalahok ang programang `Eat Bulaga'.
- _____ 8. Ikinatuwa ng itay ang pagtulong sa akin ng mga kapitbahay namin.
- _____ 9. Pag-aralan natin ang magiging bunga ng ating pasiya.
- _____ 10. Isinayaw ng mga kalahok ang rhumba sa `Dancing With the Stars'.
- _____ 11. Ipinang-alis niya ng bisyong paninigarilyo ang pagsisipsip ng kendi.
- _____ 12. Tinatakpan ng mga trabahador ang lahat ng butas sa daan.
- _____ 13. Ikinuha nila ako ng iskolarsyip sa pamahalaan.
- _____ 14. Bakit humihithit ka na naman?

- _____ 15. Ipinagdala ng bulaklak ni Cherie ang bayani ng labanan.
- _____ 16. Ibibigay niya ang salaysay sa pulisya.
- _____ 17. Pinagdausan ng pulong ang bagong tayong entablado.
- _____ 18. Ikinalungkot ni Jenny ang hindi nila pagkikita.
- _____ 19. Ihiningi ng payo ni Mel sa programang `MMK' ang kanyang problema.
- _____ 20. Ikinapanginig ng katawan ni Ross ang galit ng mga kawal.

K. Ibigay ang pandiwa [pangnakaraan] ayon sa nakasaad na pokus.

- _____ 1. (Daos) ng sayawan ang bahay nina Emil. (G)
- _____ 2. (Sama) siya sa barkada sapagkat nalulungkot siya. (T)
- _____ 3. (Tanggap) na niya ang pag-alis ng kanyang kapatid. (L)
- _____ 4. (Tiis) siya dahil nais niyang makatapos ng pag-aaral. (T)
- _____ 5. (Aral) niya ang paaralang malapit sa kanila. (G)
- _____ 6. (Lungkot) ni Daisy ang paghihiwalay nilang magnobyong. (S)
- _____ 7. (Dasal) ni Lenie ang kaibigan sa pagkakasakit nito. (TG)
- _____ 8. (Patay) ng trabahador ang pagkabagok ng ulo niya. (S)
- _____ 9. (Takip) niya ang plato sa pagkain. (K)
- _____ 10. (Hiwa) ng sibuyas ang matalim na kutsilyo. (K)
- _____ 11. (Luto) niya ng ulam ang kanyang mahal na anak. (TG)
- _____ 12. (Luwas) si Tasyo sa Maynila para makipagsapalaran. (T)
- _____ 13. (Pasok) niya ang talyer na pag-aari ng kanyang kuya. (G)
- _____ 14. (Tiyaga) sila sapagkat nais nilang umasenso. (T)
- _____ 15. (Bigay) siya ng karangalan bilang `cum laude'. (G)
- _____ 16. (Tabi) nila ng pansit ang mga bisitang darating. (TG)
- _____ 17. (Galit) ni Julia ang pagkatuklas sa katotohanan. (S)
- _____ 18. Mula noon, (nobena) niya ang kanilang anak. (TG)
- _____ 19. (Yamot) ng opisyal ang hindi pagsunod sa utos niya. (S)
- _____ 20. (Dalangin) ni Dindo ang kaligtasan ng pamilya nila. (TG)

END OF SCOPE: LINGUISTICS OF THE TARGET LANGUAGE

Para patotohanan at malaman ang inyong mga sagot sa mga kaukulang **Pagsasanay**, pakipadala ang mga ito sa Moderator/Facilitator para makuha ang Answer Key sa ava.cset@gmail.com, pati na rin ang iba pang katanungan ninyo.

~Salamat! ~